View metadata, citation and similar papers at core.ac.uk
brought to you by CORE
provided by Ateneo de Manila University: Journals Online

# Desakralisasyon ng "Sakuna" Bilang Disaster sa Karanasang Filipino[1]

Alvin B. Yapan

## Abstrak

Ginagamit ng papel na ito ang karanasang Filipino bilang angkla sa pag-aaral kung paanong ang konseptuwalisasyon ng engkuwentro ng tao sa likas na kalamidad ay saksi sa isang pagbabago mula sa "sakuna," bilang isang panloob na kalagayan ng pagkabalisa, tungo sa "disaster," bilang isang pagkasira ng mga prosesong panlipunan. Ginagamit ng papel bilang materyang teksto ang panitikang oral mula sa tradisyong premoderno hanggang sa kontemporanyong panitikang nakasulat na nirepresenta ng paglitaw muli ng materyal na paglalarawan ng likas na kalamidad sa mga nobela ni Antonio Abad (*La Vida Secreta de Daniel Espeña*), Bienvenido Santos (*The Volcano*), at Liwayway Arceo (*Canal de la Reina*). Ipangangatwiran ng papel na ito kung papaanong ang pagbabagong ito mula "sakuna" tungong "disaster" ay mababasa sa tagpuan ng isang lumalalang pagsasapare-pareho at debitalisasyon ng lipunan na nagdudulot ng desakralisasyon ng engkuwentro ng tao sa mga likas na kalamidad. Gagamitin ng papel bilang balangkas ang teorya ng relihiyon at karanasang panloob ni Georges Bataille kung saan pinag-iiba niya ang banal at dahay, at ipinanunukala ang pagbalik sa erotisismo bilang pagnanasa para sa transgresibong pagbabago sa gitna ng konsepto ng "sakuna."

**Mga Panandang Salita:** sakuna; disaster; kaayusang kosmiko at mora; karanasang panloob; pagkabalisang pandamdamin at pangkatawan; pagbabago at pagnanasa; mga prosesong panlipunan; pamamahala sa panganib ng disaster; likas na kalamidad; banal at dahay; mito; kalikasan at kultura

---

[1]Nagawa ang pag-aaral na ito sa tulong ng grant mula sa CHED PHERNet, sa ilalim ng pangangasiwa ni Armando M. Guidote, Jr., sa loob ng Pamantasang Ateneo de Manila. Naging mga katuwang sa pananaliksik sina Kristel Geneta, Regina Regala, Jomar Empaynado, at Christian Benitez.

## Introduksiyon

Ang tulak ng pag-aaral na ito ay ang pangangailangan para sa isang paliwanag na kultural hinggil sa penomenon ng pilitang pagpapalikas; kung paanong sa kabila ng mga babala, tumatanggi pa rin ang mga apektadong tao na iwan ang kanilang mga tahanan. Maraming paliwanag ang inilalatag, na kadalasan ay ekonomiko. Wala silang maaaring mapuntahan. Kinakailangan nilang protektahan ang kanilang mga pagmamay-ari mula sa mga magnanakaw. Hindi nila basta maiiwan ang kanilang sakahan. Kinakailangan nilang protektahan ang kanilang kabuhayan. Mayroon silang matanda o may-sakit na kasama sa bahay na hindi madaling maililipat sa evacuation center. Sa isang sarbey na ginawa nina Horisho Takagi et al., na ginawa sa pamamagitan ng mga questionnaire, sarbey, at interview, sa mga nakaligtas sa mga pulo ng Leyte at Samar, 73% ng mga tumugon ang lumikas matapos makatanggap ng evacuation order bago ang bagyong Yolanda (Haiyan, 2013), ang pinakamabilis (41km/h) at pinakamalakas (165.8 knots sa paglapag nito sa lupa) na bagyo sa Pilipinas (1945-2013), at isa sa pinakamalaki sa hilagang-kanlurang Pasipiko. Ang nalalabing 27% ay hindi. Sa mga hindi lumikas, marami sa mga dahilang ibinigay nila ay ang hindi pagkakatulad ng kanilang pagpapalagay at inaasahan hinggil sa bagyo at ang realidad na kinaharap nila. Binanggit ng pag-aaral kung paanong sa mga tumugon, "[they] did not possess an accurate picture of the event, and did not seem to conceptualize the phenomenon itself correctly."[2] Matatayang maaaring mailatag ang isang paliwanag, higi pa sa pawang ekonomikong dahilan at guwang panlogistika sa pagpapakalat ng impormasyon, hinggil sa wari fatalistikong pag-uugali sa mga taong isinusugal ang kanilang mga buhay sa harap ng napipintong panganib ng likas na kalamidad. Babaybayin ng pag-aaral na ito ang iba't ibang konseptuwalisasyon ng disaster mula sa mga panitikang oral at nakasulat sa Pilipinas, at ipakikita ang mga pagkatuluyan at hindi sa kung paano hinubog sa kasaysayan ang konsepto ng disaster sa kung paano natin ito nauunawaan sa ngayon. Maaaring makapagbigay ng ilang kabatiran ang pag-aaral na ito na maaaring magamit sa edukasyon para sa panganib ng disaster at mapunan pa nga ang mga datos empiriko na mayroon tayo sa ngayon hinggil sa pamamahala ng panganib ng disaster.

---

[2]Datos estadistiko mula kina Hiroshi Takagi, Mario P. de Leon, at Ryo Matsumaru. Masinsing pagsusuri sa mga pinsala dulot ng mga daluyong buhat ng bagyong Yolanda, at multidisiplinaryong pananaliksik para sa pagbawas ng mga panganib ng disaster, isa sa mga Japan-Philippine Urgent Collaborative Project hinggil sa bagyong Yolanda sa loob ng J-RAPID Program, sa Eastwood Richmonde Hotel, Lungsod Quezon, Maynila, 16 Abril 2015. Nailathala rin kina H. Takagi et al.

## Ang Konsepto ng Disaster

Ginagamit ng mga Pilipino ang salitang "sakuna" upang tukuyin ang disaster. Pinakahuhulugan ito sa *U.P. Diksiyonaryong Filipino* (2001), ang pinakabagong diksiyonaryo ng wika, bilang "kalamidad" na pinakahuhulugan bilang "malubhang kapahamakan, gaya ng bagyo, lindol, pagsabog ng bulkan o sunog" ("Sacona"). Subalit, nang unang pinakahulugan ang salita sa *Vocabulario de la lengua tagala* (1754), ang pinakamatandang kompletong diksiyonaryo ng wikang Tagalog na naging batayan ng pambansang wika sa ebolusyon nito mula Tagalog, Pilipino tungong Filipino, sa pagtasa ng estandardisasyon ng pambansang wika, ang pakahulugan sa sakuna ay hindi pa nahihiwatigan ng anumang pagtukoy sa anumang anyo ng likas na kalamidad. Sa *Vocabulario*, ang sakuna, na ibinaybay bilang "sacona," ay pinakahulugan bilang isang mabungang salita, na tumutukoy sa isang tinik na tumutusok sa puso ("palabra prenada, espina atravesada en el corazon") ("Sacona"). Nagpapatuloy ang diksiyonaryo sa pagbibigay ng isang paggamit ng salita: "May saconang loob. Abstracto. Casaconaan." Nauugnay ang sakuna sa salitang "loob," na sa wikang Filipino ay tumutukoy pang higit kaysa puso. Ang konseptong ito ng sariling panloob na naging paksa ng mga kamakailang araling kritikal, pangunahin sa mga ito ang kay Reynaldo Ileto na nagsateorya sa "loob" bilang sentral na konsepto ng rebolusyong pangmasa sa bansa. Ang mag-aaral pangkultura na si Albert Alejo naman ay tumutukoy sa iba't ibang aspekto ng loob, mula sa intelektuwal, hanggang sa emosyonal, pangkusa, at etiko. Ang halimbawang ibinigay ng *Vocabulario*, bilang isang paggamit ng salitang sakuna, ay tumutukoy sa isang kalagayang metapisiko. Sa pinakarabaw nito, kung hindi maikakawing sa konsepto ng loob, tumutukoy ang sakuna sa isang kalagayan ng pagkabalisa. Ang sakuna ay hindi tumutukoy sa simula sa anumang anyo ng likas o likhang-taong disaster. Higit itong tumutukoy sa isang kalagayang panloob, kaysa tumutukoy sa isang stimulus (i.e., likas na kalamidad o likhang-taong disaster) na nagdudulot sa kalagayang ito. Nakatuon ang sakuna sa bisa ng stimulus na ito sa kalagayang emosyonal ng isang tao. Sa papel na ito, gagamitin ang "likas na kalamidad" bilang mapanglahat na tukuyin ang iba't ibang likas na penomena tulad ng bagyo, lindol, pagputok ng bulkan, at mga katulad. Gagamitin natin ang salitang "disaster" bilang suheto ng pagtatanong ng papel na ito, at kung paano ito nauugnay sa konsepto ng "sakuna." Kung paanong ang sakuna sa pag-unawa nito sa kasalukuyan ay naipaghalos sa likas na kalamidad sa kasaysayan ng mga bagyo at pagputok ng bulkan sa bansa upang magbigay-daan sa nauunawaan natin ngayon bilang "disaster." Sa madaling sabi, kung paanong ang sakuna ay kinalaunang naging disaster, sapagkat lumalabas na ang muhong pakahulugan ng sakuna ay hindi lamang tumutukoy sa likas na kalamidad subalit sa isang kalagayan ng panloob na pagdurusa.

Mapapansin natin ang parehong makahulugang katangian sa paghahambing sa sakuna sa iba pang mga wikang panrehiyon sa Pilipinas. Sa Ilokano, ang "rigat" na nangangahulugang pagkabalisa ay parating nauugnay sa disaster; tulad sa "dimteng a rigat," isang pagdurusang dumating o disaster. Sa Kapampangan, ang "casaquitan" ay malabis na paghihirap ng gawain o ng isang kalamidad; at ang kalamidad ay "saquit" o "tagco," isang kapinsalaang nakakatagpo ng isa. Sa Sugbuanung Binisaya, ang disaster ay "unos sa kinabuhi." Sa Hiligaynon, ang kalamidad ay "kalalat-an," na nangangahulugang pagkabalisa o pighati, at "kalaglagan," na nangangahulugang isang labis na pagkasira ("calamity," "catastrophe," "disaster," "woe"). Ang salita para sa disaster sa Hiligaynon, Kinaray-a, at Aklanon ay "kalalat-an" o "kaeaeat-an." Ang pinagmulan ng lahat ng mga datos pilolohikong ito ay nagmula sa mga diksiyonaryong nilipon ng mga prayleng misyonaryong Kastila para mahuli ang kulturang lingguwistika ng mga isla nang makatulong sa ebanghelisasyon ng kapuluan sa Kristiyanismo at sa kolonisasyon nito ng imperyong Kastila noong ika-16 na siglo.[3] Tulad nina Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar, na lumipon sa *Vocabulario*, ang mga prayleng Kastilang ito ang unang nagdokumento sa wika, at maaaring hindi sinasadya kasabay nito, ang sistema ng paniniwala ng mga tagapulong nakatagpo nila nang unang dumating sa mga isla. Bago ang pagpapakilala ng Kristiyanismo, ang nagpapakahulugan sa sistema ng paniniwala sa mga isla ay animismo, isang polyteistikong paniniwala sa mga buhay na espiritu ng kalikasan. Kung papaano unang nabuo ang disaster sa kapuluan ay mula sa sistema ng paniniwalang ito.

Subalit, nang ang parehong sistemang kolonyang Kastila, na nagpadala ng mga misyonero para idokumento ang panitikang oral, ay nagpakilala sa wakas sa panitikang nakasulat, ang kahulugan ng sakuna na tumuturo sa isang kalagayang emosyonal ng isang tao ay hindi nahiwatigan sa bagong paraan nito ng produksiyong pampanitikan. Walang kilalang akda sa mga naisulat na panitikan ng panahong ng kolonyalismong Kastila ang umangkop at nagpayabong sa prekolonyang konseptuwalisasyong ito ng disaster; marahil ay makatwiran lamang, dahil na rin sa layuning kolonyal ng pamahalaang kolonyal na Kastila na nagnanais na alisin at halilian ang animismo ng Kristiyanismo. Sa kabila ng pagkakalunan ng mga isla sa Pacific Rim of Fire, may labis na kakaunting bilang, kung hindi man ganap nang kawalan, ng

[3]Bilang sanggunian ng mga datos pilolohiko, ang mga sumusunod ang ginamit: Carro, *Vocabulario Iloco-Español*; Mentrida, *Diccionario de la lengua bisaya*; Bergaño, *Kapampangan-Spanish Dictionary*. Sinangguni din ang mga sumusunod na higit na kontemporanyong diksiyonaryo: Mallaro, *Talabaldugan: English-Kapampangan Glossary*; Griño, *Diksiyonaryo Hiligaynon-English: Dictionary English-Hiligaynon;* de la Cruz, *Five-Language Dictionary (Panay Island): (English, Tagalog, Hiligaynon, Kinaray-a, and Aklanon.*

isang depiksiyon ng realidad ng klimatiko at pamanahong kondisyon sa mga pulo na matatagpuan sa panitikang naisulat sa panahon ng kolonyalismong Kastila. Ang pagiging nasa gitna ng mga likas na kalamidad ay lilitaw na lamang muli sa panahon ng mga Americano noong ika-20 siglo; subalit sa pagkakataong ito, nang may iba nang konseptuwalisasyong malayo na sa orihinal na kahulugan ng sakuna na naidokumento sa mga pinakaunang diksiyonaryong nilipon ng mga misyonerong Kastila.

Tatangkaing tawirin ng papel na ito ang guwang sa pagitan ng konseptuwalisasyon ng sakuna bago at matapos ang kolonyalismo, na nasaksihan ng pagtawid na ito mula panitikang oral tungong nakasulat. Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang mga mito at panitikang-bayang lumiligid sa mga likas na kalamidad upang higit na mahukay ang muhong kahulugan ng disaster bilang isang pagkabalisang emosyonal. Kinakailangan nito ang panunuliranin ng kawalan ng kaabalahan sa mortalidad sa engkuwentro sa mga likas o likhang-taong disaster sa kapuluan; paanong, sa kabila ng kadalasan ng mga likas na kalamidad, ang kulturang likha sa mga pulo ay hindi kailanman isinuliranin ang kamatayan; o, sa pinakarabaw, hindi itinuring ang kamatayan bilang isang panggitnang kaabalahan sa pakikipagtagpo sa mga kalamidad. Ito ang makapagbibigay ng isang kabatiran sa isang animo walang pakundangan at fatalistikong pasya ng mga tao na hindi sumunod sa mga pagtawag para sa sapilitang paglikas, sa kontemporanyong mga tangka ng gobyerno na pamahalaan ang panganib ng disaster.

## Sakuna sa Panitikang Oral

### *Ang Pagtatag ng Isang Panibagong Kaayusang Kosmiko*

Sa paradigmang mitolohiko ng panitikang oral, tumutukoy ang sakuna sa isang pagkabalisang emosyonal bilang isang bisa kung paano nakikiugnay ang tao sa mga diyos. Ang paradigmang ito ay nasasaklaw ng banal. Inilalarawan nito ang isang panahon kung kailan nakikipag-ugnayan ang mga tao sa mga diyos, gaanuman hindi kabaitan. Ang kaharapin ang mga diyos ay ang kaharapin ang kapwa pagkabighani at pagkatakot, ang parikalang pakiramdam ng pagkarahuyo at pagkarimarim. Isang "hindi malinaw na takot," tulad ng paglalarawan ni Georges Bataille. May isang pakiramdam ng pagkabighani sa paraang ang banal ay "nakaaakit at nagtataglay ng hindi mahahambingang halaga," subalit kasabay nito mapanganib sapagkat nakararamdam ang tao

ng kahinaan sa harap ng banal na may kapangyarihang makapagpalaho sa kanya (Bataille 36). Samakatwid, ang mga kuwentong bayan ay malimit nagrerepresenta sa mga diyos bilang mga higanteng nagpaparamdam ng isang kapuspusan ng nangingibabaw na kapangyarihan. Ang mapaglarawang relasyong ito sa mga diyos ay tumutugma sa isang panahong mitolohiko kung saan ang daigdig ay hindi pa matitirhan ng mga tao.[4] Sa mga mito at alamat, inilalarawan ang daigdig bilang pinamamahayan ng mga higante, mga nilalang, at iba pang mga elementong hindi pabor para sa paninirahan at kabuhayang pantao. Hindi matitirhan sapagkat sa kanilang kapangyarihang marilag at kalakasang pambiriha, lumalabas ang mga higante bilang walang pakialam sa kapakanan ng mga tao. Bilang mga higante, ang mga diyos na ito ay abala sa kanilang araw-araw na pamumuhay, walang alam sa kanilang mga bisa sa mga taong nagiging biktima sa kawalan ng pakialam ng mga diyos. Kahit pa walang kinalaman, at kailanman hindi mangingialam, ang mga tao sa pamumuhay ng mga diyos, bilang nasa ilalim ng mga ito, nananatiling biktima ang mga tao ng mga kilos ng mga ito. Dito nalalagi ang pagkabalisang emosyonal. Ang ganitong pakiramdam ng kawalan ng magagawa, ng kawalan ng kontrol. Dinadala ng mga tao ang mga kapinsalaang buhat ng pamumuhay ng mga diyos. Wala silang anumang magagawa para pigilan ang pangyayari ng isang likas na kalamidad. Isang bagyo, lindol, pagputok ng bulkan, o delubyo ay hindi ganap na isang likas na kalamidad kaysa isang manipestasyon, isang rebelasyon, ng mysterium tremendum ng mga diyos. Sa harap nito, ang tanging magagawa lamang ng mga tao ay ang makaligtas.

Ipinaliliwanag ang lindol bilang mga pagyanig mula sa mga kilos ng mga diyos at higante. Ang buong kapuluan ay maraming salaysay hinggil sa mga bundok bilang mga higante, o may mga higanteng naninirahan sa kanila. Sa isla ng Luzon, hilaga ng kapuluan, ay maraming salaysay ng malalaking bakas ng mga paa na iniwan ng mga higanteng iniuugnay sa mga lindol. Pinaniniwalaang nag-iwan ang higanteng Añgalo ng bakas ng kanyang kanang paa sa mga bundok ng Pangasinan at Cagayan, samantalang matatagpuan naman ang bakas ng kanyang kaliwang paa sa silangan ng Banaoang Gap. Dulot ang mga bakas na ito ng pag-aaway sa pagitan ni Añgalo at kanyang kapatid, si Añgararab, dahil sa paghahati sa mga perlas. Napakalaki ng kanilang naging pag-aaway na nakapagdulot sila ng mga lindol. Pinaniniwalaan din ang mga higante bilang sumusuhay sa daigdig. Para sa mga Maranao ng mga probinsiyang Lanao sa Mindanao, timog ng kapuluan, isang higanteng hayop, na tinatawag na lumbong, ang nagdadala ng daigdig

[4]Kaiba mula kaayusang mitiko ni Bataille, kung saan nakakaharap ang tao sa kanyang mga kagamitan. Sa halip ang kaayusang banal. Tumutulad sa mga akda nina Andre Breton, Georges Bataille, Gilles Deleuze, at Jacques Derrida, tinatawag ito ng teoristang si Allan Stoekl bilang kasaklawan ng sublime. Tingnan kay Stoekl "The Two Sublimes" 60-64.

sa kanyang likuran. Pinaniniwalaan ang lumbong bilang isang ahas, isang diyosang ahas, na nagngangalang Inagnay o Intumbangul, ayon na rin sa salaysay ng epikong Ilianon ng mga Manobo. Kasama ng lumbong ang isang hipon na kung minsan sumusubok na kumalmot dito. Ito ang nagdudulot sa lumbong na kumilos, na nakapagsasanhi naman ng mga lindol (Eugenio 264).

Ang mga kuwentong ito ng mga higante at malalaking nilalang ay hindi lamang kakawing sa paggalaw ng lupa, kung hindi pareho rin sa mga salaysay ng delubyo. Sa mitong Bukidnon hinggil sa baha, ang baha ay resulta ng isang higanteng alimango na gumagapang papuntang dagat, na nakapagsasanhi na umapaw ang tubig tungong lupa. Walang paliwanag ang ibinibigay kung bakit piniling gumapang ng alimango tungo sa dagat. Para sa Mansaka, ang pagkawala ng isang higanteng ibon, ang Manaul, tagabantay ng daanan ng ilog tungong dagat, ang nakapagsanhi ng pagbaha. Pawang nalimutan ng ibon ang kanyang tungkulin. Nabarahan ang lagusan ng mga kahoy at hindi na makadaan ang tubig tungong dagat. Muli, walang kinalaman ang pagiging malilimutin ni Manaul sa pamumuhay ng mga tao. Pawang nakalimot lamang ang ibon nang walang dahilan. Kapag inilalarawan ang mga diyos bilang nakikisangkot sa mga gawain, kaabalahan, at damdamin tulad sa mga ginagawa at nararamdaman ng mga tao, animo walang kaalam-alam ang mga diyos sa kalakasan ng mga bisa sa tao ng kanilang mga kilos.

Sa lahat ng mga salaysay na ito, ang pagkabalisang pisikal o pangkatawan, kaiba sa pagkabalisang emosyonal, ay hindi pa rin nakikita sa pakahulugan ng sakuna sa paradigmang mitolohiko. Wala pang takot ng mortalidad at pagkamatay. Anumang pagkalagay sa panganib ng pisikal na katawan ng isang tao ay higit na natitimbangan ng isang pakapang pangako ng pagkabuhay muli matapos ang isang sakuna. Nararanasan ang pangako ng isang kaayusang kosmiko bilang isang bisang pamumuhay ng mga diyos; subalit, isang bisa lamang sapagkat wala talagang intensiyon ang mga diyos na magtatag ng isang bagong kaayusang kosmiko para sa kapakinabangan ng mga tao. Hindi ito isang pagsasanay sa kabaitan. Walang anumang pakialam ang mga diyos sa kung anumang mangyari sa mga tao. Halimbawa, ang mga diyos ng hangin, sina Amihan at Habagat, ay nilalabanan ang isa't isa upang magdulot ng mga bagyo. Subalit hindi lumubog ang kanilang malalaking barko matapos ang kanilang panariling pagtatao. Ang katawan ng kanilang mga barko ang naging mga pulo ng Samar at Leyte sa Visayas, kung saan kinalaunang magtatayo ng tahanan ang mga tao. Kung hindi nangyari ang laban sa pagitan nina Amihan at Habagat, walang mga pulong matitirhan (Eugenio 211). Sa kabila ng wari kawalan ng pakialam ng mga diyos, hindi nagdadala ang sakuna ng ganap na paglaho, subalit ng isang pagbabago. Sa paradigmang ito, higit na lumalabas ang sakuna bilang isang usapin ng pagkaligtas, isang kilos ng pagsasaksi sa pagsisimula ng isang bagong kaayusang kosmiko na dulot ng isang likas

na kalamidad. Ipinaliliwanag nito kung bakit ang pagkabalisang pisikal, ang kasalungat ng pagkabalisang emosyonal, ay wala mula sa pangunahing kahulugan ng sakuna. Totoong nagdudulot ang mga gawain ng mga diyos sa pagkamatay ng mga buhay-tao, subalit tinatapatan ang mga pagkamatay na ito ng panibago at higit na mabuting kalagayan para sa pamumuhay na dala ng bagong kaayusang kosmiko. Sa katunayan, ito ang nagdadala sa sumunod na panahong mitolohiko kung saan nangyayaring matitirhan na ang daigdig ng mga tao.

Para sa ibang mga tribong naninirahan sa bulubunduking rehiyon ng Cordillera, hilaga ng kapuluan, nagsimula ang daigdig bilang isang malaking kapatagan, na walang makikitang bundok. Malimit mawala ang mga tao sa kanilang daan sa kapatagan sapagkat walang anumang palatandaan upang matukoy ang kanilang kinalalagyan. Ang parating pagkawala sa gitna ng kapatagan ang nagdulot sa isang nomadikong pamumuhay ng mga tao. Ang kapatagan din ang nakapagsanhi ng kahirapan sa mga tao upang makapangaso sila. Higit na mabilis ang mga hayop kaysa mga tao sa kapatagan. Hindi nila maunahan ang mga hayop na kung minsan nahuhulog sa laylayan ng daigdig sa pagtatangkang makatakas mula pagkakahuli. Dahil dito, walang paglaki sa populasyon ng kapwa mga tao at mga hayop. Ito ang uri ng pamumuhay ng mga tao bago ipinadala ng diyos na si Lumawig ang delubyong babago sa rabaw ng daigdig. Lumikha ang delubyo ng mga bundok na nagpahintulot sa mga tao para makapagtayo ng mga tirahan at iwan ang kanilang nomadikong pamumuhay. Kung kaya, bagaman kinahaharap ng mga tao ang pagkabalisang pisikal na may banta ng pagkalipol sa harap ng mga likas na kalamidad, mayroon parating isang lalaki at isang babaeng nabubuhay mula sa baha para muling paramihan ang daigdig. Hindi kung gayon makaaalma ang sangkatauhan sa anumang pagkabalisang pisikal, sapagkat nagbubunga parati ang isang delubyo ng isang panibagong kaayusang kosmiko na nakapagpapahintulot sa repopulasyon sa daigdig ng mga tao. Kapag ang pagtukoy sa pagkabalisang pisikal ay wala sa konsepto ng sakuna, ang nanatili ay ang pagkabalisang emosyonal dulot ng pagdurusang kinakailangang pagdaanan ng mga tao para lamang magkaroon ng higit na mabuting kalagayan ng pamumuhay. Ang takot na ito ng halos pagkalipol, habang hindi walang saysay, ay tumitimbang sa kalooban ng tao dahil sa pagiging kailangan nito, samakatwid ang karanasan ng sakuna bilang isang pagkabalisang emosyonal.

### *Ang Pagtatag ng Isang Kaayusang Moral*

Kapag inihuhulog ng mga diyos ang pagpopostura nila ng kawalan ng pakialam, nagiging tagapagpalaganap sila ng isang kaayusang moral. Ito ang

ikalawang kategorisasyon ng mga mitong kaugnay sa mga likas na kalamidad. Sa pagkakataong ito, sadyang ginagamit ng mga diyos ang mga likas na kalamidad upang turuan ang sangkatauhan ng isang kaayusang moral. Sa mga salaysay muli ng mga tribong naninirahan sa Cordillera, ipinadala ni Lumawig ang baha hindi dahil naaawa siya sa mga tao sa paghihirap nila na mamuhay sa kapatagan, kundi dahil nakalimot ang mga tao na magbayad ng buwis o magsagawa ng mga pag-aalay na cañao para sa kanya. Dumating ang baha bilang isang parusa sa pagiging malilimutin. Isa itong karaniwang diwa sa mga salaysay ng delubyo. Itong diwa ng kapabayaan at pagiging malilimutin ng mga tao sa kanilang mga gawain at tungkulin sa mga diyos. Sa parehong dahilan din nagpadala si Kaptan ng mga Bisaya ng baha upang lipulin ang mga anak nina Sikalac at Sikabay, ang unang lalaki at babae, na kanyang nilikha. Ito ang parehong salaysay sa Bukidnon sa diyos na si Magbabaya, at sa diyos na Manama ng mga Bagobo.

Ang ikalawang diwa ay hinggil sa hindi sinunod na babala. Sa Bukidnon, naroon ang kuwento ni Magbabaya na bumaba sa lupa at nagbalatkayo bilang isang matandang lalaki. Nagbigay siya ng babala sa mga tao ng Bukidnon na paparating ang isang delubyo. Subalit dahil sa kanilang kahambugan at kapalaluan, hindi nila sinunod ang kanyang babala, maliban na lamang kay Mapolumpun na nanatiling masunurin at sensitibo sa hiling ng mga diyos. Ang kanyang pamilya ang nakaligtas mula sa baha. Sa mga Tagalog naman ng Luzon, naroon si Bernardo Carpio, isang higanteng nakikipaglaro sa kidlat at kulog. Nang maipit siya sa dalawang bundok sa kanyang pagsunod sa isang kidlat, itinutulak niya ang dalawang bundok bago siya maipit ng mga ito. Ang kanyang pagtulak sa dalawang bundok ang nagdudulot ng mga lindol. Matatagpuan ang bakas ng kanyang paa sa pagitan ng kambal na bundok sa Montalban.

Ang parehong diwa—ang diwa ng likas na kalamidad bilang isang resulta ng mga pinabayaang tungkulin at ang diwa ng likas na kalamidad bilang isang resulta ng hindi sinunod na babala—ay kaugnay sa parehong kuwento ng baha bilang parusa. Ang mitemang ito ng likas na kalamidad bilang parusa ay kinalaunang mahahalo sa mga salaysay na Kristiyano. Tulad sa anumang tradisyong oral, bilang buháy at marupok sa mga proseso ng sincretismong kultural, magiging bahagi ng mga kuwentong bayan ang mga salaysay na Kristiyano. May mga kuwentong Bukidnon hinggil kay Magbabaya na kabahagi ng tauhang biblikal na si Noah. Matatagpuan din ng mga tauhang sina Adan at Eba ang kanilang daan sa mga mito ng paglikha ng buong kapuluan. Subalit higit pa sa pagsasabahagi ng mga tauhan at diwang pangsalaysay sa mga mitong oral, ang mga salaysay na ito ay kinalaunan pang maisasakristiyano hindi lamang sa pagtatatag ng isang panibagong

kaayusang moral kundi sa paglalagay ng mga imahen at simbolong Kristiyano sa kanilang kaibuturan.

Sa Kristiyanong sistema ng paniniwala sa kapuluan, nahalilihan ang mga diyos ng mito ng mga debosyon sa Santo Niño, Banal na Krus, Birheng Maria, Itim na Nazareno, at sa marami pang mga santo at imaheng Katoliko na kapwa naipunla sa at naipagpatuloy ng polyteistikong panteon ng debosyon ng mga Pilipino. Mapupuno ang mga kuwentong bayan ng mga imaheng Katoliko na responsable sa pagsagip ng isang buong bayan mula sa isang nakapipinsalang pagputok ng bulkan, apoy, bagyo, tagtuyot o kagutuman, at mga sakit. Hinubaran ng mga imaheng ito ang mga diyos na prekolonyal ng kanilang mga kapangyarihan sa mga elemento. Nakapagdulot sila ng mga himalang naging batayan ng lokal nilang debosyon. Inilagay sila bilang mga santong patron ng mga bayan dahil sa mga himalang ito. Naging mga tagapagtanggol sila ng mga bayang ito maging mula sa mga lokal na pag-aalsa at mga mananakop na dayuhan: mula sa mga pag-aalsang Tsino, mula sa mga bandido, mula sa mga mananalakay na Muslim, mula sa pananakop ng mga Briton at Holande, mula sa mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdigan, at mula sa mga Americano. Ginagamit nila ang mga elemento upang magapi ang mga dayuhang pananakop o pagnanakaw mula sa mga lokal na pag-aalsa. Ang mga santo at icon na Katoliko ay mayroon pa ngang mga bayan at lugar na ipinangalan sa kanila dahil sa mga himalang kanilang ginawa.

Sa ilalim ng pagtatatag nitong panibagong kaayusang moral, tumutukoy ngayon sa kapwa animistiko at Kristiyanong pangangatwiran, hindi na ganap na walang magagawa ang mga tao sa kanilang kalagayan. May magagawa na talaga sila upang suyuin ang mga diyos. Ang tanging kailangan lamang nilang gawin ay sundin ang kodigong moral at maliligtas na sila mula sa kalamidad. Pangunahin sa kodigong moral na ito ay ang pagkilala sa pangingibabaw ng diyos, Kristiyano man o hindi, kaysa anupamang awtoridad. Humihingi na ngayon ang mga diyos ng panunumpa, atensiyon, at sakripisyo. Isinagawa ang mga prusisyon, at itinayo ang mga lugar ng pagsamba, sa kanilang pangalan. Kinomisyon ang mga eskultor upang lilukin ang kanilang mga imahen, na papalamutian ng mga tao ng mga aksesorya at iba pang masidhing pagpapakita ng kanilang pag-ibig. Ibinaling na ngayon ng mga diyos ang kanilang tingin sa mga tao, na nakapagdarasal na para sa kanilang pamamagitan. Naging interesado na sila ngayon sa mga tao. Isang higit na matalik na relasyon ang nabuo sa pagitan ng mga diyos at tao, kaiba sa paraan kung paano inilarawan ang mga diyos bilang walang pakialam.

Samakatwid, ang konseptuwalisasyon sa sakuna bilang isang pagkabalisang emosyonal ay nananatili maging sa Kristiyanisasyon ng panteon ng mga diyos. Dumarating na ngayon ang pagkabalisang emosyonal, hindi

mula sa kawalan ng magagawa ng tao sa harap ng kawalan ng pakialam ng mga diyos, kundi mula sa hindi pagsunod sa kodigong moral. Sa pagdating ng isang bagong kodigong moral, nabibigyan na ngayon ang mga tao ng ahensiya kung susunod ba sila o hindi sa bagong kodigong moral. Mamatay man sila dahil sa isang kalamidad, sila lamang ang nagdala nito sa kanilang mga sarili. Ang mga likas na kalamidad ay naging mga bunga ng mga gawa ng tao. Ito ang bunga ng pagkakaroon ng ahensiya ng tao sa harap ng isang bagong kaayusang moral. Sa pagtatag ng isang prekolonyal na kaayusang kosmiko, may hindi nakapagpapanatag sa damdamin sapagkat nagdurusa ang mga tao sa mga bagay na wala siyang kontrol. Sa ilalim ng bagong kaayusang moral, may hindi pa rin nakapagpapanatag sa dibdib sapagkat ang mga tao, bagaman mayroon nang kontrol ngayon, ay nananatiling sumusuway pa rin nang sadya sa kodigong moral at dinadala ang sakuna sa kanilang sarili. Sa parehong pagkakataon, nasa loob ang pinagmumulan ng pagkabalisa. Ang pinagmumulan ay nalunan sa loob ng tao. Naging emosyonal ito, sa puso, sa "loob." Ang sakuna ay isang karanasang hindi makapagpapanatag na relasyon ng tao sa saklaw ng banal; ang hindi makapagpapanatag na nag-uugat mula sa kawalan ng pakialam ng mga diyos o mula sa pagsuway ng tao. Isang hindi mapapanatag na pinupunan ng isang pangako ng pagbabago: isang bagong kaayusang kosmiko o moral. Bakit nagpaparating ang mga diyos ng kalamidad sa mga tao na hindi nagtatangka silang saktan? Sapagkat nangako ang mga diyos ng isang bagong kaayusang kosmiko, bagaman hindi sinasadya. Bakit sinusuway ng mga tao ang mga diyos? Sapagkat, bilang nabiyayaan ng ahensiya, hindi kinakailangang sumang-ayon ang mga tao sa kaayusang moral na idiniin ng mga diyos. Samakatwid, sakuna, bilang isang pagkabalisang emosyonal, ay ang pag-aabang sa pagbabago. Ang sakuna, bilang isang pagkabalisang emosyonal, ay isang pag-aabang sa panibago.

Gayumpaman, katuwang sa pakahulugan ng sakuna bilang isang pagkabalisang emosyonal ay isang paniniwala sa tadhana. Sa *Vocabulario*, kaugnay ng sakuna ang salitang "desgracia." Ang disgrasya ay sakuna, "ligalig," at "casam-ang palad" ("desgracia"). Sa Kapampangan, ang "tagko," nangunguhulugang kalamidad, ay nangangahulugan kasawiampalad. Sa mga wikang Hiligaynon at Kinaray-a, ang sakuna ay 'kalalat-an," na nangangahulugan din kasawiampalad ("misfortune," "woe"). Maaaring kaugnay ito sa etimolohikong pinagmulan ng salitang "disaster" (i.e., disastro) sa Ingles, na tumutukoy sa isang kalagayan ng kasawiampalad. Mula ito sa Griyego at Italianong salita na tumutukoy sa mga talà. Madaling mapadulas, sa mga etimolohikong ugat na ito, ang konsepto ng tadhana bilang kahigpitang taliwas sa mga kaisipan ng pagbabago. Madaling maipagkamali ang isang paniniwala sa tadhana, parehong bilang animistiko at Kristiyano, bilang nagreresulta ng pasibong tugon ng isang biktima; samakatwid, ang pagtanggi ng mga tao na iwan ang kanilang mga tahanan maging sa harap

ng napipintong panganib. Subalit, hindi ito ang kaso sa pinakamuhong kahulugan ng sakuna, na pinag-iiba ang pagkabalisa ng katawan at ng emosyon. Bagaman pinahahalagahaan ng sakuna ang tao bilang walang magagawa sa harap ng mga diyos sa pagtatag ng isang bagong kaayusang kosmiko, o bilang walang magagawa sa harap ng kanyang nagkakasalang pagkatao kaharap ng isang bagong kaayusang moral, ang tao ay pawang biktima alinsunod sa aspektong emosyonal, sa kanyang karanasan ng pagkabalisa. Subalit sa kanyang katawang tao, hindi siya biktima kundi isang nakaligtas sa panibagong kaayusang kosmiko o moral sa kanyang relasyon sa mga diyos. May malaking pagkakaiba dito na kailangang idiin sa pagitan ng suliranin ng isang biktima at isang nakaligtas. Ipinagpapalagay ng isang nakaligtas ang ahensiya sa bahagi ng tao, samantalang ipinagpapalagay naman ng biktima ang fatalismo. Bentahe ng pagkakaroon ng ahensiya na ang mga kamatayang ikinakawing sa kalamidad sa ilalim ng paradigmang Kristiyano ay napananatili pa rin ang kanilang kahulugan tulad sa mga salaysay bago ang Kristiyanismo. Sa parehong kaso, mabunga sa kahulugan ang karanasan ng sakuna. Sa parehong kaso, nagmumula ang kahulugan sa pangako ng kapalit sa isang panibagong buhay, maging dito at ngayon, o sa kabilambuhay.

Ang parehong magkasalungat subalit magkatuwang na mga pananaw ng biktima at nakaligtas ang dapat makapagtiyak ng pag-unawa natin sa tadhana sa konsepto ng sakuna.[5] Bilang isang nakaligtas, hindi naiiwan ang tao nang walang anuman upang maharap ang sakuna. Pinatutunayan ng buong panitikan ng salaysay na oral ang pagkakaroon ng kahulugan sa karanasan ng kalamidad. Hindi kung gayon basta walang kahulugan ang likas na kalamidad, bilang napipintong makahulugan ito sa mga salaysay na ito. Ang unawain ang kahulugan sa mga kalamidad na ito ay ang saksihan ang mga gawa ng tadhana, iginiit man ng kaayusang kosmiko ng animistikong diyos, o iginiit ng ahensiya ng tao na sumunod o sumuway sa kodigong moral. Hindi ito isang ugali ng bulag na pagsunod at walang saysay na pagiging pasibo ng isang fatalistikong pagtanggap; sa halip, ugali ito ng isang bukas na pag-aabang sa kahulugan, samakatwid isang pagpapanatili ng isang mitikong tradisyon ng mga salaysay at paliwanag na nakapagpapasaysay sa karanasan. May kasaganaan ng mga kahulugan sa karanasan ng sakuna bilang tadhana. Kung gayon, ang kasaganaan ng kahulugan sa pinakakahulugan ng sakuna bilang isang mabungang salita (i.e., "palabra prenada"). Hindi itinadhana

[5] Tinatalakay nina Cathy Caruth at Shoshana Felman kung paano dinadala rin ng isang nakaligtas ang trauma ng isang biktima, bilang sa parehong karanasan at pagkaligtas sa pangyayaring traumatiko ay mga sandali ng krisis, at paanong bumabaling ang nakaligtas sa pandiskursong praktika ng pagpapatunay upang magsilbing saksi ng pangyayari. Sa papel na ito, ang buong panitikan ng mga salaysay na oral ang patunay hinggil sa mga likas na kalamidad. Tingnan kay Felman 13-60.

ang sakuna sapagkat walang kontrol ang tao, o alipin sila ng tadhana. Nagkakaloob ang konsepto ng tadhana sa tao ng isang napipintong kahulugan. Nagiging isang pagdiriin lamang ang tadhana kapag hinihigitan ng kaabalahan sa kontrol ang kaloob na ito ng kahulugan. Sa halip, makahulugan ang sakuna sapagkat itinadhana. Sa ganitong paradigma, hindi nangangahulugan ang ahensiya ng kontrol, subalit ang kakayanang mag-abang ng kahulugan. Sa ganitong paradigma, ang sakuna ay hindi pa disastroso.

Sa pagbubuod, ang sakuna, bilang kaiba mula sa disaster, ay may apat na aspekto. Una, gumagana ang sakuna sa saklaw ng banal na tumutugon sa isang mitolohikong panahon kung kailan suliranin pa rin ng mga tao ang pangangailangan para sa paninirahan, at sa huli, sibilisasyon. Ikalawa, ipinagpapalagay ng sakuna ang isang kaloobang kumakaharap hindi sa suliranin ng kahulugan, kundi sa suliranin ng pagiging hindi mapapanatag mula sa relasyon ng tao sa banal. Ikatlo, ang kawalan ng mortalidad at kamatayan sa sakuna bilang katulad ng kawalan ng suliranin ng kahulugan. At ikaapat, ang kaugnayan ng sakuna sa pangako ng pagbabago na nakapagbibigay ng pagkabalisang emosyonal. Ang pagtatalaban ng apat na aspektong ito ay palagay na inilalatag lamang dito sa loob ng pagtalakay sa panitikang oral na kaugnay sa mga likas na kalamidad. Magiging mabunga kinalaunan ang paghahambing sa mga ito sa aspekto ng disaster, bilang naiiba sa sakuna.

## Ang Disaster sa Panitikang Nakasulat

Kasama ng pagpapasa ng mga salaysay na oral hinggil sa kalamidad bilang pagpapanatili ng kahulugan sa karanasan ng sakuna ang pagdami ng mga salitang tumutukoy sa mga kasidhian ng karanasan ng mga likas na kalamidad. Ang sakuna bilang isang salita ay hindi orihinal na sumasaklaw sa iba't ibang stimuli, hindi limitado sa mga likas na kalamidad, na nagsasanhi ng pagkabalisang emosyonal. Dumating lamang ito kinalaunan, kamakailan lamang sa *U.P. Diksiyonaryong Filipino* (2001), na ginagamit ang sakuna bilang salitang pangkalahatang tumutukoy sa mga likas na kalamidad.

Halimbawa, ang "bagyo" ang tempest o storm. Subalit mayroon ding "sigwa," o "palungho" para sa malakas na bagyo, at "unos" para sa malakas na dagsa ng hangin. Iba ang bagyo mula sa "baha,' kung pag-uusapan natin ang dami ng tubig na dinadala ng bagyo. Iba itong lahat mula sa "balaguit," na ginagamit ng *Vocabulario* upang tukuyin ang puwersa ng hangin na dinadala ng bagyo. Subalit sa *Diksiyunaryo-Tesauro Pilipino-Ingles* (1972) ni Jose Villa

Panganiban, pawang ginagamit ang salitang "balagiit" upang tukuyin ang malakas na hangin. Kung gayon, ang "babalagiit" ay bagyong may hangin subalit walang ulan. Iba pa ito mula sa isang ipuipo sa tubig na "buhawi." Napakarami ng mga salita upang maiba ang antas ng pag-apaw ng tubig. Ang pangkalahatang salita ay "baha." Ang paglabis ay "apaw" o "sanaw." Upang tukuyin ang bugso ng pag-apaw, ang mga salitang gagamitin ay nagiging "alawak" o "bulwak." Mga baryasyon ng mga salitang-ugat na ito ang "buluswak," "bugwak," at "bugalwak." May salitang naglalarawan ng malaking dami ng tubig, "auac." Isang delubyo ang "gunaw." Sa Hiligaynon, isang tiyak na salita para sa pagbaha sa mga palayan ang "lambas." Iniiba ng wika ang pagbahang may pagtaas ng tubig, "anaw," at pagbahang may rumaragasang tubig, "bahâ."

Matatagpuan ang parehong karamihan ng mga salita sa apoy. "Apoy" ang apoy. Ang "apog" ang kabuuang pagkawasak na dinadala ng apoy. Isang malaking sunog ang "liyab." Kasingkahulugan dito ang mga onomatopoeikong "dagabdab," "lagablab," dagubdob," at "alab." Nangangahulugan ng mas maliit na apoy ang "ningas," isang bugso ng apoy. Kasingkahulugan dito ang "siga," "silab," at "sunog." Ang pinamamahalaan sa karanasan ay ang bilis ng pagkalat nito. Sa wikang Hiligaynon, isang tiyak na salita ang "anas" upang tukuyin ang isang apoy sa kagubatan. Apoy sa labas ng bahay ang "tutug." Upang mailarawan ang pagtawid at pagkalat ng apoy, may "dabadaba." Ang parehong karamihan ng mga salita ay nakikita sa "lindol." Subalit sa pagkakataong ito, ang pinamamahalaan ay ang lakas at maging direksiyon ng pagyanig. "Yanig" ang pinakamasidhi. "Yugyog" ang pag-alog. Ang "uga" ay pag-ugoy. Iniiba ng wikang Hiligaynon ang direksiyon ng kilos ng pagyanig: kung pahalang, ito ay "oyog"; kung patayo, ito ay "tayôg," isang kalagayan ng pagkakayugyog nang taas-baba ("yugyog"). Sa Kapampangan, ang "yuga" ang kilos na urong-sulong, samantalang ang "ugun" ang kilos ng pagtaas-baba ("shake").

Hindi ito isang sorpresa sapagkat nakalunan ang Pilipinas sa Pacific Rim of Fire. Dinadalaw ito ng mga bagyo, lindol, at iba pang mga likas na kalamidad. Nakapagpaunlad na ito ng isang kulturang pangwika palibot sa karanasan ng kalamidad. Subalit, kakatwang sa kabila ng kasaganaan ng kulturang pangwikang ito sa mga likas na kalamidad, ang panitikang nakasulat na ipinakilala ng mga Kastila sa kanilang pananakop sa kapuluan noong ika-16 na siglo ay mistulang hindi nagtatagumpay sa pagpaparating sa materyalidad ng mga likas na kalamidad, at sa disaster nilang dala. May kasalatan sa paglalarawan ng mga likas na kalamidad sa panitikang nakasulat. Tuwing masinsing binabanggit ang mga likas na kalamidad, ginagamit sila palagi sa antas na metaporiko, upang tumayo bilang o tumukoy sa isang konsepto o isang idea. May kabiguan, o maaari pa ngang pagtanggi, na ilarawan ang karanasan ng isang sakuna bilang realidad na may

nararamdamang bisa sa pamumuhay ng tao. Sa paglilimita sa paglalarawan ng mga disaster sa mga pamamaraang metaporiko, hindi na natin nakikita ang mga likas na kalamidad sa kanilang mga sarili. Palagi na lamang silang ginagamit gayon upang tukuyin ang kung anuman, higit sa kanilang pagiging isang likas na kalamidad, kaya ang kanilang pagiging isang likas na kalamidad ay naitatanggi sa panitikang nakasulat. Kakatwa pang, habang ang materyal na pagsasalarawan ng mga likas na kalamidad ay itinatanggi sa panitikang nakasulat, sa sandaling ito pa pumapasok ang aspekto ng pagkabalisang nasakatawan sa produksiyon ng mga kahulugan ng sakuna.

Upang mailarawan, palaging inilalarawan ng panitikang nakasulat na ipinakilala ng mga Kastila ang likas na kalamidad sa pamamaraang metaporiko. Matatagpuan natin ito sa "May Bagyo Ma't May Rilim," ang pinakamatandang naitalâng tulang Tagalog na nailimbag sa *Memorial de la vida cristiana en lengua tagala* (1605), ang isa sa pinakaunang nailimbag na aklat ng mga dasaling Kristiyano na ginawa upang ipakilala ang mga katutubo sa Kristiyanismo. Matatagpuan natin ito sa mga rebolusyonaryong akda ng mga propagandistang sina Marcelo H. del Pilar at Jose P. Rizal, sa *Sagot nang España sa Hibik nang Filipinas* at sa *Noli Me Tangere* (1886), kung saan nila kinuwestiyon ang awtoridad ng pamahalaang kolonyal ng España. Matatagpuan natin ang parehong paglalarawang metaporiko maging sa panahon ng pamamahalang kolonyal ng mga Americano noong ika-20 siglo sa nobelang Tagalog ng manunulat na si Faustino Aguilar, ang *Pinaglahuan* (1907), na sumusuri sa pagpasok ng kulturang liberal na kapitalista na ipinakilala sa kapuluan ng mga Americano matapos ang pananakop ng mga Kastila. Mapapansin natin ang parehong paghilig sa paglalarawan sa mga bagyo bilang simbolo sa iba't ibang maikling kuwento; bilang halimbawa, sa maikling kuwento ng manunulat na Cebuano na si Marcel Navarra, "Ang Kalibutan Matapos" (1952). Nananatili ito maging hanggang sa antolohiya ng mga katha na *Sigwa: Isang Antolohiya ng Maiikling Kuwento* (1972), na nangangahulugang bagyo. Sa kinalaunan, kalahati pa lamang ng ika-20 siglo, ilang dekada matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdigan at kalaunang kalayaan ng pamahalaang Pilipinas mula sa mga Americano, nakikita nating muli ang paglalarawan sa mga disaster bilang may sari-sariling integridad bilang isang tunay na karanasan, sa pagkakataong ito sa anyo ng nobela: sa nobelang Kastila ni Antonio Abad na *La Vida Secreta de Daniel Espeña* (1960), sa nobelang Ingles ni Bienvenido Santos na *The Volcano* (1965), at sa nobelang Filipino ni Liwayway Arceo na *Canal de la Reina* (1972-1973).

Ang paglalarawan sa mga likas na kalamidad ay naipit sa pagitan ng mga propaganda ng mga manunulat na kolonyal at nasyonalista sa panahon ng Hispanisasyon at Kristiyanisasyon ng kapuluan. Sa kamay ng mga manunulat na kolonyal, pinatitindig ang mga likas na kalamidad para sa kultura ng

prekolonyal na animismo: nakababababa, magulo, at babae kung ihahambing sa herarkikong patriarkikong kaayusan na ipinakilala ng mga Kastila. Hadlang ang mga disaster sa bawat katutubo na kailangan nilang malampasan nang maabot ang liwanag at kaayusan ng Kristiyanismo, upang hindi maging tunay na disaster ang mga disaster subalit korelatibo ng ibang mga idea na may ibang pisikalidad sa realidad. Hindi talaga mga likas na kalamidad ang mga bagyo, subalit mga kasanayan ng mga katutubo na pumipigil sa kanila mula sa ganap na pagtataya ng mga sarili sa Kristiyanismo. Sa "May Bagyo Ma't May Rilim," ang bagyo ang pagdurusa sa mga kasalanan at tukso. Sa kabilang banda, sa produksiyong pampanitikan ng mga manunulat na nasyonalita, ginagamit bilang alegorya ang mga likas na kalamidad upang tukuyin ang kaguluhan at pagdurusang dulot ng pananakop sa kapuluan. Nilaro ng mga manunulat na nasyonalista ang kapwa parehong salungatan na inilatag ng mga manunulat na kolonyal upang isabalagkas ang lahat ng pamamaraan ng pakikitagpo mula noon. Binaligtad lamang nila ang mga pantukoy para sa parehong idea sa mga parehong paraan. Subalit nanatiling pareho sa kaibuturan ang laro, na nakagiya sa simula pa lamang sa mga pamantayang kolonyal. Sa *Noli Me Tangere* ni Rizal, sa kabanata ng "Mga Babala ng Sigwa" at "Si Tasyo, Ang Baliw o ang Pilosopo," inilalarawan ang bagyo bilang pagtukoy sa napipintong kapalaran ng mga katutubo sa ilalim ng pananakop. Sa ganitong pagkaipit, ang paglalarawan sa mga likas na kalamidad bilang tunay na karanasan, sa kanilang materyang mga sarili, ay naglaho. Maaaring pinakamatalim na halimbawa nito ang antolohiya ng mga katha na *Sigwa*. Bagaman ang pamagat ng antolohiya ay literal na pinakahuhulugang bagyo, wala ni isang maikling kuwento sa antolohiya ang nagpasyang gawing paksa ang bagyo bilang isang likas na kalamidad. Para sa antolohiyang ito ng mga katha hinggil sa neokolonya, tumatayo ang bagyo para sa mga kasanayang baluktot, kaabusuhang pang-ekonomiko, at paglabag sa karapatang pantao na naranasan ng bansa sa ilalim ng Martial Law na ipinataw ng mga Marcos sa parehong taon kung kailan nailathala ang antolohiya.

Sa lahat ng mga paglalarawang metaporikong ito, parating kakawing ang mga disaster sa kaguluhan, pagdurusa, at kawalan ng kaayusan. Sa isang banda, mauunawaan ito bilang katuluyan ng aspekto ng disaster sa panitikang oral bilang pagkabalisang emosyonal. Subalit ang pinagmumulan ng pagkabalisa sa pagkakataong ito ay hindi na isang kalamidad na likas, ngunit gawa na ng tao. May dalawang pagbubura dito: una, may pagbura sa sakuna bilang bisa ng ugnayan ng tao sa mga diyos; at ikalawa, kasabay nito, ang sakuna bilang isang puwersa ng kalikasan. Sa diksiyonaryo ni Panganiban (1972), ang salitang kaugnay sa sakuna na "sigalot" ay nagkaroon ng panibagong dimensiyon sa kahulugan nito. Ang salitang "sigalot" ay nangangahulugan na bilang isang kaguluhan. Nangangahulugan ang "sigalot" ng anumang hindi pagkakasundo, o isang paghihiwalay sa relasyon, subalit

sa pagkakataong ito tumutukoy sa higit na relasyong pantao ("sigalot"). Sa diksiyonaryo na Vicassan (1978), nangangahulugan din ang "sigalot" bilang kontrobersiya, pag-aaway, hindi pagkakaunawaan, o hindi pagkakasundo. Kung ihahambing sa *Vocabulario*, ang salitang "sigalot" doon ay pangkalahatang tumutukoy sa isang pagkakahiwalay ng mga relasyon na maaaring hindi sa tao. Maaaring saklawin ng sigalot ang isang paghihiwalay sa relasyon ng mga puwersa ng kalikasan. Ang kalikasan ay kinauugnayan ng tao sa isang relasyon; sa ibang salita, lumilikha rin ang tao ng mga relasyon sa mga hindi tao. Subalit nabura nga ang saysay na ito, nang ang mga relasyong tinutukoy ay naging pawang sa tao, sa panahong nagkaroon ng bisa ang panitikang nakasulat sa Pilipinas. Sa panitikang oral, bagaman isang pagkabalisang emosyonal ang sakuna, nakikita pa rin natin ang mga nararamdamang karanasan, ang materyalidad, ng disaster. Nakikita pa rin natin ang bagyo, ang lindol, o ang apoy bilang pinagmumulan ng panganib. Nararamdaman pa rin natin ang likas na kalamidad bilang manipestasyon ng kagila-gilalas at nakakasindak na kapangyarihan ng mga diyos. Subalit sa panitikang nakasulat, ang aspektong ito ng pagkabalisang emosyonal ang nabubura sa idea ng disaster. Pumapasok ang disaster sa isang nibel ng abstraksiyon at mga idea. Parikalang ang nagiging panggitna na ngayon ay ang aspekto ng pagkabalisang pangkatawan. Ang kamatayan at mortalidad na ang naging panggitna sa idea ng disaster. Naging posible na ngayon ang mamatay.

Ang pagbabaligtad sa pagkabalisa mula emosyonal tungong pangkatawan ay isang pagbabaligtad mula sa mga positibong kakawingan ng sakuna sa mga konsepto ng paninibago at pagsilang muli, tungo sa mga negatibong pakikipagharap sa disaster kasama ng kamatayan at mortalidad; at isa ring pagbabaligtad kung paano nakikita ng tao ang kanyang sarili sa halip na bilang isang nakaligtas tungo sa pagiging isang biktima. Dumarating ang ganitong pagbabaligtad kasama ng pagsira ng konsepto ng banal mula sa kahulugan ng sakuna, mula sa lumalagong desakralisasyon ng lipunan. Sa karanasang Filipino, hindi pawang kolonyalismo ang tahasang nagsanhi sa paglago ng desakralisasyon ng lipunan, na tumutungo sa represyon ng mga paradigmang mitolohiko tungo sa laylayan. Tulad ng naitalakay sa unang bahagi, ang mga paradigmang mitiko at Kristiyano ay kapwa gumana sa loob ng saklaw ng banal. Napansin maging ni Ileto kung paano ipinagpapatuloyng Kristiyanismo ang mga paniniwalang prekolonyal sa pagtatatag ng mga kilusang milenaryo ng mga rebolusyonaryo. Kaya bagaman lumaban ang mga propagandista at rebolusyonaryo para sa sekularisasyon ng lipunang Filipino bilang isang tugon sa pananakop ng mga Kastila, hindi tuwirang nagbunsod ang sekularisasyong ito sa pag-iwan sa banal. Sa pagpapakahulugan sa relasyon ng relihiyon at sekularisasyon sa kasaysayan ng Pilipinas, sinasabi ni Mendoza na "religion and the religious influence are so pervasive in Asia that secularization often means not a rejection of religion, but a repudiation

of a decadent clergy who have become exploitative, rigidly formalist, and standing in the way of genuine spiritual development" (56). Samakatwid, hindi ang aspekto ng nasyunalismo ang tahasang nagsanhi ng desakralisasyon.

Hindi pawang kolonyalismo, subalit ang modernisasyon at modernidad ang nagbigay ng daan para sa desakralisasyon ng lipunan. Sa pamamagitan ng kolonyalismo kaya naipakilala ang ikatlong daigdig sa modernismo. Mahalagang matukoy ang kaibhan sapagkat ang kinalabasang desakralisasyon ng lipunan ang pagkakatulad ng mga bansa mula sa ikatlong daigdig sa iba pang bahagi ng mundo, sa kung paanong ang konsepto ng disaster sa ngayon ay hinulma ayon sa hating kalikasan-kultura. Maihahalintulad ang modernidad na ito sa pagtatayo ng hating estrukturalista sa pagitan ng likas at kultural; isang artipisyal na hating nagpapakita kung paanong ang mga ugnayan natin sa kalikasan ay naging isang bagay ng pandama. Parikalang kung kailan umurong ang ating relasyon sa kalikasan bilang isang bagay lamang ng pandama at pag-iisip na pumasok sa hulagway ang kamatayan at mortalidad. Sapagkat sa dulo, may totoong mga bisa ang kalikasan sa ating pagkatao bilang mga tao na nagsisimula pa lamang nating mabatid sa karanasan ng disaster. Sa lugar ng banal, nagiging panggitna na ngayon ang dahay sa pag-unawa ng sakuna. Ang humalili sa lugar ng mga diyos na animistiko at Kristiyano ay ang lipunang moderno, ang sistemang panlipunan, ang kultura kung iyong mamarapatin, bilang taliwas sa kalikasan, sa pagtatatag ng kaayusang panlipunan, higit pa sa kosmiko at sa moral.

Tagatukoy ng yumayabong na desakralisasyon ng lipunan sa ilalim ng lipunang moderno ay ang paglipat mula panitikang oral tungong nakasulat, isang resulta ng sekularisasyon ng panitikan. Ang paglipat mula panitikang oral tungong nakasulat ay saksi sa pormal na paglipat mula sa mga anyong poetiko tungong prosa, mula sa isang nakataas na paggamit ng wika tungo sa paggamit ng wikang karaniwan, na nagsanhi rin ng mga pagbabagong tematiko mula sa saklaw ng banal tungo sa saklaw ng pang-araw-araw. Sa kasaysayang pampanitikan, ang anyong panpanitikan na magsisilbing saksi sa sekularisasyong ito ay ang nobela, bilang isang panggitnang-uri na anyong prosa, kung ihahambing sa epiko at matulaing mga anyo na lumabas noong mga panahong prekolonyal at pananakop ng mga Kastila, na nilayon para sa pagkonsumo ng mga nobilidad o lipunang aristokrata, ayon sa pagsasakasaysayan halimbawa ni Resil Mojares sa anyo ng nobelang Tagalog.Sa paghahambing naman na ginawa sa mga anyo ng epiko at nobela ni GyörgyLukacs, ang nobela nga, bilang isang anyong pampanitikan, ang humuli sa modernong desakralisadong sensibilidad. Kaya nang lumitaw muli ang disaster bilang isang realidad na naisalarawan, hindi metaporiko, mangyayari ito sa anyo ng nobela, sa *La Vida Secreta de Daniel Espeña* (1960)

ni Abad, *The Volcano* (1965) ni Santos, at *Canal de la Reina* (1972-1973) ni Arceo. Ang tatlong nobelang ito ang gagamitin ng papel na ito upang irepresenta ang konseptuwalisasyon ng disaster sa panitikang nakasulat upang tumayo salungat sa mga mitikong salaysay ng alamat at epiko. May mapanganib na paglitaw ng karahayan sa lipunang moderno, na kinalaunang nakasira sa banal at habambuhay na binago ang ating mga pinakamuhong konseptuwalisasyon ng disaster mula sa sakunang kilala natin bilang isang pagkabalisang emosyonal.

### *La Vida Secreta de Daniel Espeña (1960)*[6]

Isang mahalagang nobela ang akda ni Abad dahil bagaman naisulat ito matapos ang digmaan, nakasulat pa rin ito sa Kastila, animo umaalingawngaw pabalik sa panahon ng pananakop na Kastila. Ito ang huling nobela ni Abad sa Kastila. At saksi ito sa namamatay nang pangingibabaw ng panitikang Kastila sa bansa. Sa gayon, kakatwang nakalunan ang nobela bilang isang nobelang transitoryo mula panitikang Kastila tungong Americano sa bansa. Bagaman nakasulat pa rin ito sa Kastila, naglalarawan na ito ng isang realidad na napakasekular na sa ilalim ng panahong Americano. Sa nobelang ito ni Abad, masasaksihan nga natin kung paanong ang pagkamatay ng banal sa kahulugan ng disaster ay maaaring konseptuwal na nangyari.

Matatagpuan ang sagot sa pagpapaunlad ng nobela sa konsepto ng kasalanan. Sa kaibuturan, isang nobela ng parusa ang *La Vida Secreta*. Isinasalaysay nito kung paanong ang ikatlong henerasyon ng mga Espeña ay magbabayad para sa orihinal na kasalanan ng kanilang matagal nang pumanaw na ama, si David Evangelista, na binago ang kanyang pangalan bilang Daniel Espeña upang makatakas mula sa mga awtoridad. Ipinagpapalagay ng mismong konsepto ng kasalanan ang isang kaayusang banal. Subalit sa nobela ni Abad, pinakahuhulugan na ngayon ang kasalanan kaugnay sa kaayusang panlipunan, at hindi sa isang kaayusang moral. Nagkakasala na ang tao laban sa lipunan, at hindi na nagkakasala laban sa Diyos. Hindi na pawang moral ang kasalanan, kung hindi panlipunan. Inaalala ng nobela ni Abad sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw kung paano ninasa ni David ang pera ng kanyang dating amo, isang kapitansilyo, sa Kalibo, na ninakaw naman ang pera mula sa mga padalang utang niya sa pamahalaan bilang isang opisyal pampubliko. Upang makatakas sa mga awtoridad at sa mga tagapagmana ng kanyang amo sa pagkamatay nito, umalis si David, naging isang kapitan, at nagmay-ari ng lupa sa Iloilo. Napaunlad niya ang masukal na lupain sa

[6]Naging posible ang kasalukuyang bahagi ng pag-aaral dahil sa pagsasalin ni Ma. Luisa P. Young ng *La Vida Secreta de Daniel Espeña* mula sa wikang Español.

pakikisangkot sa ilegal na pagtotroso sa pakikipagtulungan sa ilang taong kanyang dinaya sa pagpapapirma sa kanila ngbuong pagpapamay-ari ng lupa sa kanya. Matapos madayang nakuha ang lupa, hindi niya ipinadala ang pera sa estado, at naubos sila sa halip sa isang pasugalan. Pinatay niya ang taong nandaya sa kanya at ninakaw pabalik ang kanyang pera. Nahuli siya kinalaunan na nagnanakaw ng pera ng pamahalaan subalit nakatakas muli sa pagbebenta ng lahat ng kanyang mga ari-arian, sa pagpeke ng kanyang mga dokumento at pagpapalit ng kaniyang pangalan bilang Daniel Espeña. Sa lahat ng ito, parating idiniriin ng nobela ang kapangyarihang panoptiko ng estado, halos katulad sa isang diyos, sinusubukang hulihin si David sa kanyang mga krimen. Tanging sa kabiguan ng estado na mapagbayad si David sa kanyang mga kasalanan na nakahabol ang kaayusang moral kay David, subalit sa pamamagitan lamang ng kanyang mga inapo. Kahit pa ang kaayusang moral ang nakasisingil sa mga inapo ni David, naisasakatangian ang kaayusang moral na ito sa burukratikong estruktura ng isang sistemang panlipunan. Hindi sapat para sa isang inapo na magdusa para sa mga kasalanan ni David, kung hindi ng isang buong henerasyon. Maipatataas ng kamatayan at paghihirap ng isang inapo ang kaluluwa ni David ayon sa burukratikong estruktura ng purgatoryo, hanggang kinalaunang makabayad sa lahat ng mga utang at makatungo sa langit. Nagiging burukratiko ang lahat maging ang langit.

Bilang isang resulta ng dimensiyong panlipunang ito na idinaragdag, at hindi talaga humahalili, sa kaayusang moral, ang paglalarawang metaporiko ng disaster ay nananatili sa nobela, ang parehong kasangkapang pampanitikan na napapansin sa mga panitikang relihiyoso at nasyonalista sa ilalim ng panahon ng kolonyalismong Kastila, bilang natitira, isang labî, tanda ng isang nakaraang kaayusang moral. Samakatwid, kasabay sa panlabîng metaporisasyon ng disaster ay ang paglabas muli ng literal o materyal na mga paglalarawan ng mga likas na kalamidad sa anyong nobelistiko. Sa muling paglabas na ito, ang mga likas na kalamidad ay nagiging mga kinalalabasan, kaparusahan, para sa mga kasalanang nagawa laban sa lipunan. Nagiging mga hadlang ang mga likas na kalamidad para sa nagsala mula sa pagsama niyang muli sa lipunan, sa pamamagitan ng patuloy na pagsira sa mga prosesong panlipunan na maaaring magamit upang mahanap ang kanyang daan sa lipunan. Bilang isang resulta ng pagkakasala laban sa lipunan, ang parusa ay ang manatili sa labas ng lipunan na, sa nobela ni Abad, pinamamahalaan ng pamamagitan ng mga likas na kalamidad.

Idinedetalye ng nobela ang iba't ibang mga kasawiampalad na nangyari sa apat na apo. May kinalaman ang karamihan sa mga kasawiampalad na ito sa mga likas na kalamidad bilang isang paraan ng pagpigil sa mga apo ni David na anihin ang mga bentahe ng pagiging isang mamamayan

ng isang naisaayos na lipunan. Kaya sa kabila ng kayamanan ng kanilang angkan, hindi ito napakinabangan ng mga apo. Ang unang apo, si Claudio, ay namatay sa isang landslide. Ang ikalawa, si Teresa, ay nabaliw matapos magkaroon ng meningitis at typhoid fever, at matapos mapagbintangan ang kanyang asawa ng estafa at napatay sa Mindanao. Ang ikaapat, si Mariano, ay namatay sa pagsagip ng kanyang asawa mula sa isang baha. Isa siyang diyornalist sa Maynila, subalit nais talaga niyang maging isang doktor. Ang ikatlo, si Sylvia, ay nailigtas mula sa isang malagim na kamatayan, sapagkat naging isa siyang madre matapos mapahiya sa pag-iwan sa kanya sa altar ng kanyang dapat mapapangasawa. Ito ang maaaring dahil kung bakit ang ikalawang henerasyon, si Miguel Espeña, anak ni David Evangelista, ay halos nailigtas. Nais niyang maging isang pari, at pumasok pa nga sa katunayan sa seminaryo, para lamang akuin ang tungkulin sa hacienda matapos pumanaw ang kanyang ama.

Sa *La Vida Secreta*, nangyayari ang disaster bilang isang resulta ng kondisyong ito ng pagiging hindi maging bahagi ng lipunan. Inaalis ng disaster ang kakayanan ng mga indibidwal na makibahagi sa mga prosesong panlipunan ng lipunan. Hindi matagumpay si Claudio sa kanyang negosyo. Niloko si Teresa ng kanyang asawa. Nagkaroon ng bigong karera sa pagiging doktor si Mariano kung kaya napilitang magkasya sa karera sa diyornalismo. Nangyayari ang disaster sapagkat nasa kapangyarihan na ang lahat ng kaayusang panlipunan sa pagpapahalaga sa lahat bilang sekular, sa pagpapahalaga sa absolutong pagkamatay bilang banal. Sa pagkamatay ng banal, ang posibilidad para sa pagbabago at pagsilang mula sa konsepto ng disaster, bilang sakuna, ay namamatay kasabay nito. Samakatwid, ang epekto ng krimen ni Espeña sa kanyang mga inapo ay absoluto rin. Ang kanyang buong pamilya ay hindi nagiging bahagi ng lipunan. Walang pagkatubos. Ang tanging daan lamang tungo sa pagkatubos ay kamatayan. O, waring maaaring ito; sapagkat, walang takas para kay Espeña maging sa kanyang kamatayan. Walang maayos na buhay ang lipunan maging sa kamatayan. Mayroon lamang kamatayan maging sa kamatayan. Maging sa kabilambuhay, nangingibabaw ang lipunan. Walang kapatawaran dito. Walang pagsagip mula sa isang banal na kapatawaran. Sa ganitong paradigma, maaari na ngayong tunay na mamatay, na maipawala ang sarili sa kawalan at kawalan ng kahulugan. Ang kamatayan ang magiging suheto ng absoluto at hindi mababagong kalagayan ng impraestrukturang panlipunan. Wala nang anumang posibilidad para sa pagbabago, kaya ang buhay ay nagiging tungkol sa pagsasama ng sarili sa mga prosesong burukratiko ng lipunan. Kinakailangang mabayaran pabalik ang lahat sa lipunan, nang matiyak ang pagpapatuloy ng lipunan. Ito ang totoong kamatayan, na kamatayan sa tunay na kaayusan.

Ang dimensiyong moral na ito, na disaster bilang isang resulta ng kasalanang panlipunan, ay kinalaunang mawawala sa mga sumunod na nobela matapos si Abad. Ang dimensiyong moral na ito, bagaman ngayon naging isang dimensiyong panlipunan, ay nanatili lamang dito dahil sa nostalgia ni Abad para sa kaayusan ng kolonyalismong Kastila, na matutukoy sa paggamit ng wikang Kastila maging matapos ang pagsisimula ng kolonyalismong Kastila. Ang mananatili kinalaunan ay ang pagsasala sa konsepto ng disaster bilang walang anuman kundi pagkasira ng mga prosesong panlipunan.

### *The Volcano (1965)*

Isang nobelang naisulat sa Ingles ang *The Volcano* ni Bienvenido Santos. Nakalunan ito sa Albay, timog ng Luzon sa rehiyong Bikol, sa paanan ng hugis-apa at aktibong bulkang Mayon. Kung isinasalaysay ng *La Vida Secreta* ang pagkamatay ng banal sa pakahulugan ng disaster sa pamamagitan ng sekularisasyon ng kasalanan, nararamdaman ng *The Volcano* ang nostalgia para sa kamatayang ito ng banal, animo sa wakas kinahaharap na ang hindi mababaligtad na realidad ng pagkawala ng banal sa ating konseptuwalisasyon ng disaster. Sa kabuoan ng nobela, inilalarawan ang bulkan bilang isang omnipresenteng entidad na nakasasaksi sa lahat ng mga gawain ng tao sa lipunan. Nakakapukaw ito ng kapwa pagkabighani at pagkatakot mula sa mga tauhan. Isinalaysay ang kuwento mula sa pananaw ng mga Hunter, isang pamilyang Americano na pumunta sa Pilipinas para sa mga gawaing misyoneryo ng simbahang Kristiyanong Methodist. Lumipat sila sa Pilipinas noong 1928 at umalis noong 1958, sumasaklaw sa tatlumpung taon ng kasaysayan ng Pilipinas mula sa mga taong Commonwealth sa ilalim ng mga Americano hanggang sa mga taon matapos ang digmaan matapos ang pananakop ng mga Hapon.

Sa isang tagpo, habang natataranta si Sarah Hunter para sa kaligtasan ng kanyang mga anak habang pumuputok ang bulkang Mayon, natagpuan niya ang kanyang asawa, si Dr. Paul Hunter, na dumadaan sa isang karanasang relihiyoso; kung kaya sa halip na samahan siya upang magdasal para sa proteksiyon ng Diyos, nakatanggap si Dr. Hunter ng inspirasyon mula sa tanawin ng likas na kalamidad: "Dr. Hunter did not join her in prayer. His lips moved as he murmured, 'Beautiful! Beautiful!' There was no anxiety in his voice, no fear. He felt drained of all strength. His hand moved, groping for hers, and, finding it, gripped hard. 'How mighty is the Lord,' he whispered in her ear." (Santos 24) Hindi aksidente ang pasya sa pananaw ng pagsasalaysay. Ano pa ang higit na makapag-aabang sa kamatayan ng banal kaysa isang relihiyosong sensibilidad. Sa isang sumunod na talata, ipinaliliwanag ni Dr. Hunter ang kanyang karanasan sa kanyang asawa, "'I

just didn't know what happened to me,' he said. 'I felt so near God, it was bliss for a moment. I saw Him in all these… and I was not afraid. I'm not. We should not be.'"(Santos 25)

Niroromantisa ng buong nobela ang bulkan bilang puso ng salaysay, at sa proseso nito naaalala ang pag-unawa sa sa disaster kaugnay sa mga idea ng pagsilang muli. Nakikita ang ganitong tendensiya sa pagromantisa sa iba pang mga karanasan ng likas na kalamidad sa nobela. Bago pumunta ang mga Hunter sa rehiyon, natatakot sila sa kondisyon ng pamumuhay sa bansa bilang kilala sa pagiging regular na binibisita ng mga bagyo sa panahon ng tag-ulan. Subalit nang nakaranas na sila ng bagyo, napag-alaman nilang wala silang ikakatakot. Sa katunayan, mapag-aalaman nila kinalaunan na sa pamamagitan ng isang serye ng mga likas na kalamidad, ang pagputok ng bulkang Mayon at ilang bagyo, kinalaunan nilang makukuha ang pagtanggap ng mga mamamayang lokal. Sa una, naghihinala ang mga lokal sa intensiyon ng papapatayo ng isang hospital sa rehiyon. Inakala nilang ang tulong medikal ay pasakalye lamang para sa ebanghelisasyon para sa Protestanismo. Subalit nang nagpatuloy ang mga Hunters sa pagtulong sa mga napinsalang pamilya ng bagyo, kinalaunan silang napabilang sa lokal na pamayanan. Ang disaster sa ganitong paraan ay nagpapapatag sa mga kategoryang panlipunan, sa pagitan ng mayaman at mahirap, ng mga lokal at dayuhan. Kaya bagaman dala ng nostalgia na ito para sa romantikong nosyon ng disaster ang eksotiko, nagkakaisa sa dulo ang parehong lokal at dayuhan para sa kanilang pangungulila para sa pagbalik ng banal. Sa karanasan ng disaster, kapwa biktima ang mga dayuhan at lokal sa isang parehong humanidad.

Sa *The Volcano*, ang disaster sa pagkakaalam natin dito ngayon, bilang isang pagkasira ng mga prosesong panlipunan, ay hindi nakaalinsunod sa karanasan ng mga likas na kalamidad, kundi sa karanasan ng digmaan. Nagbibigay ang nobela ng imahen ng digmaan bilang salungat sa mabuting omnipresensiya ng kalikasan na pinupukaw ng bulkang Mayon. Habang nangungulila ang nobela para sa romantikong nosyon ng disaster sa anyo ng bulkan, kasabay rin itong dumadaing sa malaong pagdiriin ng pakahulugan ng disaster bilang isang pagkasira ng mga prosesong panlipunan. Nangungulila ang nobela para sa romantikong nosyon ng disaster dahil nakikita na nito ang higit na kontemporanyong pakahulugan ng disaster sa pagkakaalam natin dito ngayon, bilang isang pagkasira ng mga prosesong panlipunan. At sa ganitong paraan, ginagamit ng nobela ang imahen ng digmaan bilang isang modelo para dito sa panibagong kahulugan ng disaster na katuluyan ng pakahulugan ni Abad sa disaster. Ang kahulugan kung gayon ng disastroso ay ang digmaan, sa literal nitong pagsira sa mga prosesong panlipunan.

Tulad sa pagbubuod sa dulo ng nobela ng gerilya at nakaligtas sa digmaan na si Tito, isang matalik na kaibigan ni Junior, anak ng mga Hunter: "'Every

time that volcano erupts, it's her way of laughing at us. We are so afraid of her who never intends to harm us, while we keep throwing rocks at one another.'" (Santos 236) Habang ang mga Hunter, sa tulong ng mga lokal, ay humanap ng masisilungan sa paanan ng bulkang Mayon, upang matakasan ang mga nananakop na puwersang Hapon, mabisang pinagtatapat ng nobela ang dalawang paradigma ng pakahulugang disaster. Humanap ng masisilungan ang unang paradigma sa bundok. Ang animistikong sensibilidad na tumungo sa bulubunduking rehiyon upang matakasan ang kolonyalismo. Ito ang sensibilidad na naniniwala pa rin sa banal, sa mapagpagaling na kakayanan ng banal. Samakatwid, sa paanan ng bundok, bumubuo ng panibagong kaayusang kosmiko ang mga Hunter nang aksidenteng mahulog malapit sa kanilang pinagtataguan ang isang bomber plane ng mga Hapon. Nang dumating ang digmaan, naging kanlungan ang bulkan para sa pagtakas, isang paraiso, na sinusubukang ibalik ang dating kaayusan. Sa halip na sundin ang kaayusang iginigiit ng kaguluhan ng digmaan, isinama ng mga Hunter ang sundalong Hapon sa kanilang pamilya. Doon malapit sa bulkan nagsama-sama ang mga Americano, Pilipino, at Hapon upang lumikha ng panibagong kaayusan, isang panibagong kaayusang pandaigdigan, higit pa sa nilikha ng digmaan.

Subalit, isa lamang itong kaayusang ideal, nabatid ng lahat. Sa huli, dinadramatisa lamang ng nobela ang isang nostalgia para sa pagbalik ng banal sa disaster, at kinalaunang mangangahulugan ang nostalgia ng isang pagbalik sa realidad kung saan hindi na mababalik pa ang nawala nang nostaldia. Sa nobela, mapatatanto ng mga mapanakop na puwersang Hapon ang mga lokal na ang kanilang relasyon sa mga mapanakop na puwersang Kastila at Americano ay iisa at magkatulad. Ang presensiya ng mga dayuhan ang pipigil sa kanila mula sa sariling pagkatanto ng kanilang kalayaang kultural. Kung gayon, hindi lamang ang mga Hapon ang mga pinaalis. Kinalaunang aalis maging ang mga Hunter mula sa rehiyong Bikol matapos ang pananatili nang tatlumpung taon, maging sa pagkawala ng kanilang anak na si Junior sa digmaan, sa pagtulong sa mga lokal na makuha muli ang kanilang kalayaan.

Ito ang disaster sa pinakapuso nito. Dito, tinutulos ni Santos ang kolonyalismo, kahit pa ipinalalabas ito bilang kabaitan, bilang panimula ng disaster. Kolonyalismo ang nagtatag ng mga prosesong panlipunan kung saan ang sekular ay naging higit na nangingibabaw. Nangangahulugan ang pangingibabaw ng sekular ng pagbubukod ng mga posibilidad ng pagbabago pabor sa pagpapatibay ng mga prosesong panlipunan. Kaya ang espasyo ng mga prosesong panlipunan ay nagiging isang timpalak ng mga relasyong pangkapangyarihan, at hindi isang sityo para sa mga posibilidad ng pagbabago. Sa *The Volcano*, ginagawang halata ito ni Santos. Ginagawa niyang representasyon ang mga misyonerong Methodist ng "benevolence"

ng kolonyalismong Americano. Nagpatayo sila ng ospital upang maibsan ang kahirapan, at sa mga relief operation, maging ang kanilang misyong relihiyoso ay naglalaho sa tagpuan. Subalit magiging daan maging ang waring kabaitang ito para sa pagtatatag ng estrukturang panlipunan, na naisakatawan ng bahay misyonero, ospital, at teritoryong militar na itinayo sa kapitbahayan. Sa nobela, higit pang inilarawan ni Santos kung paanong ang kabaitan ng mga misyonerong Methodist ay tulad sa malambing na relasyon ni Don Vicente, ang Kastilang don, na nagrirepresenta sa kolonyalismong Kastila, sa pamayanang katutubo. Bilang tagapagmay-ari ng lupa, ang negosyante, ang kapitalista, nagkaroon si Don Vicente ng isang katutubong kaulayaw, ibinahay ito, at maging minahal ito nang higit kaysa kanyang legal na asawa, subalit naitayo na ang impraestrukturang panlipunan ng isang patriarkikong pagmamay-ari ng lupa. At nang nag-ugat ang mga impraestrukturang panlipunang ito sa Pilipinas, hindi na nakakakakita pa ang katutubong pamayanan ng posibilidad para sa kanilang sarili higit pa sa mga impraestrukturang panlipunang ito. Kaya sa huli, parehong kinailangang umalis ng mga Hunter at ni Don Vicente, kahit pa nagawa na nilang masuyo ang puso ng mga katutubo. Ito ang hindi maunawaan sa simula ni Paul Hunter. Bakit nagbago ang loob ng mga lokal sa kanilang pagturing sa mga misyonerong Americano matapos ang digmaan. Maging matapos nilang mapabilang sa estrukturang panlipunan na ninais nila mismo sa huli. Kung gayon, ang imposibilidad na mapabilang sa katutubong pamayanan. Sa huli, matapos maitayo ang impraestrukturang panlipunan, ang mga Hunter na nagpasimula nitong lahat, na ipinamuhunan ang kanilang mga búhay dito, ay naging wala ring silbi sa sistemang panlipunan. Kinakailagan na nilang pakawalan. Kinakailangan na nilang bumalik sa Estados Unidos para sa sistemang panlipunang tinulungan nilang maitayo at yumabong sa Pilipinas. Mga biktima rin sila sa huli ng kalupitang ito ng lipunan, hindi lamang ng mga Pilipino. Sa kanilang matandang edad, balisa na ngayon ang mga Hunter kung may lugar pa ba silang babalikan matapos igugol ang tatlumpung taon ng kanilang mga búhay sa Pilipinas.

Maging matapos na sumuko ang mga Hunter sa pag-iwan sa Pilipinas upang matukoy nila ang kanilang pagkanasyon, nanatili silang balisa subalit walang magagawa hinggil sa kinabukasan ng bansa sa kamay ng beterano ng digmaan na si Tito, na ang nakimkim na galit laban sa mga kasabwat at sa mga dayuhan noong digmaan ay nagbabadya ng mga paparating na masamang bagay. Subalit ano ang magagawa ng mga Hunter kundi iwan si Tito upang tahakin ang kanyang sariling landas para sa nasyon. Hindi na makikita ni Badong, ang kanilang napagbagong-loob at tinuturuang katutubo, ang posibilidad ng anumang buhay sa labas ng bahay Misyonero. Siya pa rin ang titiyak ng pagpapatuloy ng mga prosesong panlipunang itinayo nila sa bahay Misyonero. Sa ibang salita, nararamdaman ng nobela na hindi nasyonalismo

ang tugon sa kolonyalismo. Magpaparami lamang ang nasyonalismo ng mga sarili nitong pagkakamali at pagkabigo, at makatitiyak lamang ng pagpapatuloy ng parehong sistemang panlipunan. Humihigit pa ang suliranin ng disaster kaysa mga isyu ng kolonyalismo at nasyonalismo. Maaaring nagsilbi ang kolonyalismo bilang katalista at pawang kabilang mukha ang nasyonalismo ng iisang barya ng sekularisasyon. Tungkol ito sa pagwawagi sa wakas ng desakralisasyon sa banal na nangyari sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga modernong impraestrukturag panlipunan, at sa pagsisimula ng modernisasyon sa panahon ng pagpapatibay at maging kamatayan maging ng posibilidad ng pagbabago. Sa huli, kahit pa mahulog ang loob ni Florence, anak ng mga Hunter, at magpakasal kay Badong habang nagtatago sila sa paanan ng bulkan sa mga burol Sinicaran, samakatwid nagpapakita ng isang posibilidad ng panibagong kaayusang kosmiko, ang mga kinalabasan ng digmaan ay kinalaunang magpapahiwalay sa kanila. Ito nga, sa huli, ay isang nostalgia para sa pagbabalik ng banal. Sa huli, sa pagpilit ng Kastilang Don Vicente kay Dr. Hunter upang harapin ang katotohanan, "You don't have to admit it, but the fact that your daughter is married to a native still bothers you. You have not reconciled yourself to the idea." (Santos 232)

Sa pagwawakas ng nobelang ito, tulad ng pagtatapos ng *La Vida Secreta*, natatagpuan muli ng pamilya na hindi sila napapabilang sa lipunan. Kinailangan nilang umalis sa Pilipinas at bumalik sa America. Sapagkat sa huli, ang pagbawi sa romantikong ideal ng disaster sa bulkan ay habambuhay na magiging iyon na nga, isang romantikong ideal. Hindi na ito mababawi pa. Ang realidad ng disaster sa pagkakaalam na natin dito ay naging masyado nang matibay. Namatay ang Kastila, at lumisan sa Albay. Sila rin ay lilisan ng Albay. Biktima tayo lahat dito. Kaya sa pagwawakas din ng nobela, may pagtanggap din sa mga likas na kalamidad na hindi na pawang mauunawaan bilang paninibago, na pawang mapangaraping pag-iisip. Hindi nagtagumpay sa totoong disaster, sa digmaan, sa kapatagan ang panibagong kaayusang kosmiko at moral na naitayo sa paanan ng Bulkang Mayon. Mananatili pa rin silang likas na kalamidad, mga puwersa ng makapangyarihang kalikasan, kung ihahambing ang disaster na panlipunan sanhi ng digmaan, likha ng tao laban sa tao. Suliranin itong tumitindi. Ang kamatayang dala ng disaster ay pawang napakaabsoluto, sinisira nito maging ang sakuna, ang diwa nito ng pagbabago at panganganak muli, na maaari sana nating maramdaman o maalala sa engkuwentro sa mga likas na kalamidad. Kapag mamamatay tayo sa loob ng paradigma ng sakuna, maaari tayong masagip ng isang pangako ng pagbabago. Subalit sa paradigma ng pagkapanalo ng disaster kaysa sakuna, namamatay talaga tayo kapag namatay tayo. Ito ang pamana ng hindi mga mababagong prosesong panlipunan. Kaya sa huli, titingnan natin parati ang mga likas na kalamidad bilang mga pagsira ng mga prosesong panlipunan, at hindi na mga pagkakataon para sa paninibago. Naging disastroso na ngayon

ang sakuna. Hindi na nakalunan pa ang pagkabalisa sa pag-aabang sa bago, kundi sa pagkasira ng mga prosesong panlipunan. Wala nang isang paghahati ng pagkabalisang pisikal mula sa emosyonal. Nangangahulugan na hindi pagpapabilang ng sarili sa mga prosesong panlipunan ng kamatayan, hindi lamang sa paraang emosyonal kundi maging literal. Natitiyak lamang ang pagkabúhay ng tao sa loob ng mga prosesong panlipunan. Natitiyak lamang ang kahulugan sa loob ng mga prosesong panlipunan. Naging absoluto ang pagiging nilalang na panlipunan ng tao kapalit ng kanyang pagkatao, ng kanyang pagiging isang tao. Kaya nahuhubaran ang engkuwentro sa mga likas na kalamidad ng kanilang kapangyarihang magpabago at magpasilang muli. Hindi na nakikita ang mga likas na kalamidad bilang mga puwersang pangkalikasan subalit bilang mga dakilang tagapanira ng mga prosesong panlipunan. Pinatitindig ng mga likas na kalamidad laban sa lipunan. Ang ating pananaw sa mga likas na kalamidad ay labis na nakagitna sa mga karanasang panlipunan ng tao. Dito natutumbok ang trauma ng isang disaster sa pagkakaalam natin dito ngayon, na wala nang posibilidad para sa pagbabago. Bumabalik tayo sa mga parehong prosesong panlipunan. Tayo ay mga biktima at hindi mga nakaligtas. Pawang kapag nagbibigay ang isang disaster ng isang posibilidad para sa pagbabago, saka tayo muling nagiging mga nakaligtas, nag-aabang sa isang panibagong kaayusang kosmiko kung saan tayo makapagsisimula muli.

## *Canal de la Reina (1972-1973)*

Ang lahat ng tatlong nobelang sinuri dito na may paglabas muli ng materyal na paglalarawan ng mga likas na kalamidad sa nobela bilang isang modernong anyong pampanitikan ay may kaabalahan sa lupa. Ang krimen ni David sa *La Vida Secreta* ay tungkol sa pagkakamkam ng lupa. Ang pagtatapat sa pagitan ng sakuna at disaster sa *The Volcano* ay ginawa sa pagtatabi ng lupa ng burol Sinicaran at ng Mission Hospital sa mababang bahagi ng Albay. Sa *Canal de la Reina*, tungkol muli ito sa pagkakamkam ng lupa. Ang lugar na tinutukoy sa pamagat ng nobela ang nagiging sentro ng pagtatalo ng mga pag-aangkin sa pagitan ng mga nararapat na tagapagmay-ari at mga impormal na naninirahan. Sa tatlong nobela, nakikita natin ang lupa sa kaibuturan ng pagbabago mula sakuna tungong disaster. Lupa ang sityo ng pananahan, ng sibilisasyon, na kinalaunang magbibigay espasyo upang pag-ugatan ng mga prosesong panlipunan. Kaya upang mabawi ang banal, ang lupa ang magiging sityo ng pagtatalo. Kinakailangan nating kilalanin muli ang kabanalan ng lupa, at hindi lamang tingnan ang lupa bilang sityo ng paninirahan para sa pamumuhay at sibilisasyon ng tao.

Kung salat ang kahulugan ng disaster ng kabanalan, ang posibilidad ng pagbawi sa kapasidad na isilang muli, ng pagbuhay muli sa konsepto ng isang nakaligtas, sa halip ng isang biktima, ay kasama ng kakayanan ng disaster na linisin ang kabuuan ng naitatag na prosesong panlipunan, upang maging sakuna muli. Tulad ng nakita natin sa *The Volcano*, hindi sapat ang isang rebolusyong nasyonalista. Sapagkat gumagana ang isang rebolusyong nasyonalista sa mga parehong proseso at sistemang panlipunan na pinasimulan ng sistemang kolonyal. Sa *Canal de la Reina*, hindi sapat ang isang rebolusyong proletaryo, sapagkat ang pag-aalsa, bilang mula sa "proletaryo" ay gumagana pa rin sa parehong daluyan ng mga kapitalista. Isinasakatawan ito sa *Canal de la Reina* sa tauhan ni Nyora Tentay. Matapos siyang makapanirahan sa lupa ng mga De los Santos, bumabaling siya sa usura at pananamantala sa kanyang mahihirap na kapitbahay nang mapalakas niya at mabigyan ng kapangyarihan ang sarili na hindi niya naramdaman noong wala pa siyang lupain. Pawang sa pagsasabanal muli ng lupa, ng ating relasyon sa kalikasan, nagiging maaari ang pagsilang muli. Ang suliranin samakatwid ng lupain ay nababago bilag isang ekolohikong kaabalahan sa nobela ni Arceo. Nangangahulugan ang paglutas sa ekolohikong krisis ng paglutas ng lahat ng ibang mga suliraning nilikha natin para sa ating mga sarili sa loob ng sistemang panlipunang itinatag din natin. Sa kaibuturan ng krisis ekolohiko ay ang pangangailangang makilala muli ang pagiging pangunahin ng pagkatao natin, ng pagiging tao natin, higit pa sa ating pagiging nilalang na panlipunan.

Tulad sa *La Vida Secreta* at *The Volcano*, matatagpuan din natin sa *Canal de la Reina* ang isang pagnanasa para sa pagbalik ng banal. Sa *Canal*, nirerepresenta ang pagnanasang ito ng delubyo sa dulo ng nobela na tumatangay sa pamayanan ng mga impormal na naninirahan sa Canal de la Reina na nagbibigay-daan para sa isang pagbabago. Subalit, hindi punto ng nobela ang pagbalik ng lupain sa nararapat nitong mga tagapagmay-ari, ang mga De los Santos. Punto ng nobela na mabawi ang banal, ang unang hakbang nito na pagkilala sa pagiging panloob nito, sapagkat ang loob ang nasira sa pagkakatatag ng mga prosesong panlipunan. Ang lahat ay naging tungkol sa pakikibahagi ng indibidwal sa loob ng lipunan. Nawala ang mundong panloob ng indibidwal. Kaya upang abangan ang pagbabalik ng banal, may pagkilala muna ng panloob na kinalaunang mapapasama muli sa labas sa kasaganaan ng kahulugan ayon sa paradigma ng banal. Sapagkat ganito kung paano kinitil ng lipunan ang panloob. Kinunyasan muna nito ang loob at labas, sa paglalagay sa malikhaing kahulugang tumutukoy sa relasyon ng loob at labas bilang nasa loob ng lipunang desakralisado. Bago magkaroon ng pagkilala ng panloob at ng panlabas, wala talagang pagkakahiwalay sa pagitan ng dalawa sapagkat nakalunan ang kasaganaan ng kahulugan sa banal.

Sa nobela, hindi na ito tungkol sa pagtatalo hinggil sa karapatan, kung sino ang nararapat na may-ari ng Canal de la Reina. Sa umpisa ng nobela, dumating ang pagkabalisang emosyonal na naramdaman ni Caridad de los Santos sa kanyang pagkakatuklas na nakuha at nasamantala na ang lupain ng kanyang pagkabata ng mga ilegal na naninirahan dito. Kaya dito, tinutukoy na prosesong panlipunan ang sistema ng pagtititulo ng lupa na isa nang pinagtatalunang isyu noon pa mang itinatatag ang sistema ng pagtititulo ng lupa sa ilalim ng mga titulong Torrens ng mga Kastila. Subalit sa pagtatapos ng nobela, pinakakawalan ni Caridad ang pagkabalisang emosyonal na ito, ang disaster na traumatikong ito. Sa lugar nito, kinikilala niya ang pag-iral ng ibang anyo ng pagkabalisa sa anyo ng sakunang dala ng delubyo sa kasukdulan ng nobela. Kinikilala ni Caridad na hindi ito tungkol sa kung kikilos siya alinsunod sa batas o sa labas nito upang mabawi ang kanyang nararapat na pagmamay-ari ng kanyang lupa. Sa isang punto, pinagnilayan niyang gamitin ang kanyang mga koneksiyon, sa takot sa mga pamamaraan ni Nyora Tentay sa loob ng sistema. Subalit upang kumilos sa loob o labas, para o laban sa, sistema, ay pawang pagpapatuloy pa rin ng sistema. Sapagkat ang nagpapakahulugan pa rin sa mabuti at masama sa wakas ay ang sistema. Sa huli, kinikilala ni Caridad na nagbigay nga ang delubyo sa kanya ng pagkakataong pagnilayan kung paano niya sinasanay ang kanyang pagiging tao. Isa itong pagbabagong panloob para kay Caridad. Sa halip na pagdiriin ng kanyang karapatan o pagpapatuloy ng paghihiganti kay Nyora Tentay, pinili ni Caridad sa halip na tulungan siya. Nasa kanyang pinakamahina si Nyora Tentay matapos ang delubyo. Subalit pinili nga ni Caridad sa halip na tulungan siya. Inutusan niya si Ingga na nagnakaw sa kayamanan ni Nyora Tentay na ibalik ang kanyang kayamanan. Pinagtuonan ng pansin ni Caridad sa halip ang yumayabong na relasyon sa pagitan ng kanyang anak na si Leni, at sa napawalay na apo ni Nyora Tentay na si Geronimo. Itinuon niya ang kanyang pansin sa halip sa pagtulong kay Nyora Tentay na mabawi muli ang kanyang katinuan, matapos halos mawala nito ang kanyang lahat sa baha. Itinuon niya ang kanyang pansin sa halip sa pagtatatag sa isang ospital sa kung saan ilegal na itinayo ni Nyora Tentay ang kanyang bahay. Ang Canal de la Reina na dating sityo ng pang-aapi ay naging isang sityo ng pagbabago at katubusan. Naging isa itong hospital para sa mga maralita, sa pamamagitan ng mga mapagkaloob na donasyon ni Caridad, na pamamahalaan nina Leni at Geronimo. Tulad ng paglalarawan ng anak na si Junior, "Ang itatayo natin dito, Dad," patuloy ni Junior, "ay isang simbolo sana ng pagtindig ng isang bagong pamayanan… na malaya!"…*Malaya sa isang manunupil, tulad ni Nyora Tentay… na larawan ng panunupil ng isang nasa kapangyarihan. Malaya ang isipan sa paghahayag ng tunay na damdamin…"*(Arceo 213)Nakapagsasalita sa sarili nito ang pangalan ni Caridad. Si Caridad, bilang Karidad, pagkamapangkawanggawa, ay umaalala muli sa ekonimiyang pangkalooban.

Para kay Arceo, ang namamahala sa pagbalik ng banal ay ang pagbabagong-loob ng mga tauhan. Hindi binago ng delubyo ang sistema sa huli. Hindi nagbago ang estrukturang panlipunan, nagbago ang mga tauhang namamalakad sa estrukturang ito. Ito ang pagbabagong dinala ng delubyo, isang panloob na pagbabago. Sa huli, umaasa ang nobela na ang panloob na pagbabagong ito ang magbibigay ng daan para sa pagbalik ng banal, ang pagkilala muli sa banal na kahulugan ng isang likas na kalamidad, isang sakuna. Kaya nagtatapos ang nobelang nagnanasa para sa pagbabago. Ang anak muli ang nasasabi: "Alam n'yo 'yon… masasayang ang paghihirap natin at pakikilaban para sa kapirasong lupang ito kung makaraan ang lahat ay ang dating pamayanan din ang sisibol. Kailangan ang pagbabago… kailangang magkaroon ng kahulugan ang lupang ito… hindi lang lupang sinilngan ni Mama… o namana niya sa mga lolo. Ito'y isang simbolo… simbolo ng pagbabago…" (Arceo 214-215, ellipsis nasa teksto).

Kung ang disaster ang pagkasira ng mga prosesong panlipunan na walang posibilidad para sa pagsilang muli, sapagkat bumabalik tayo sa ating mga dating gawi matapos ang bagyo, hindi nakagugulat na ang baha sa dulo ay gawa ng Diyos. Kung sa kaibuturan ng pakahulugan sa disaster ay ang relasyon ng tao sa Diyos, sa kalikasan, ang solusyon kung gayon ay moral din sa kaibuturan nito. Nagnanasa tayo para sa pagbalik ng banal. Maaari lamang ang pagbabago. kung babalik ang banal sa konsepto ng disaster. Samantala, nakatakda ang lahat ng disaster upang maging traumatiko, habambuhay na pinoproblematisa ang kahulugan. Literal na lumalabas ang delubyo sa nobelang ito bilang isang deus ex machina, isang gawa ng Diyos, bilang isang pakikialam ng Diyos upang maayos ang mga bagay sa huli. Bilang isang estratehiyang pampanitikan, literal na isang pag-antala ang deus ex machina sa salaysay. Sinisira nito ang realismo ng produksiyon ng salaysay, sinisira ang pagiging makatotohanan ng nobela bilang isang modernong anyong pampanitikan. Ipinaaalala ng pakikialam ng baha ang oralidad ng produksiyong pampanitikan sa mga mito, alamat, at kuwentong-bayan, kung saan napipinto ang banal. Hindi pananahi-bunga ang makapangangatwiran sa paggamit ng delubyo sa pagtatapos ng nobela, kundi ang pagiging napipinto ng banal na hiram ni Arceo mula sa oralidad ng mga mito. Kaya ang pagtatalâ ng pagsulat sa panitikang nakasulat ay nabubulabog ng metodolohiyang pampanitikan ng panitikang oral.

## Sakuna at Disaster

Tumatawag ang paghahambing sa dawalang pakahulugan ng sakuna at disaster, bilang pagkabalisang emosyonal at bilang pagkasira ng mga prosesong panlipunan, ng paglulunan dito higit pa sa isang relasyon ng salungatang dialektiko. Magiging panuto kung paano natin maaaring mapag-isipan ang relasyon sa pagitan ng sakuna at disaster sa paraan ng pagpapaliwanag ni Bataille sa dinamiko sa pagitan ng banal at dahay, upang maalis ang hati sa pagitan ng kalikasan at kultura na muhon ng estrukturalismong sosyolohiko. "For Bataille the sacred is understood not as the opposite of the profane but that which confounds, explodes and lays waste the ordered opposition of sacred and profane upon which *the profane* is based. Similarly, Evil is not the opposite of Good but that which confounds the ordered opposition of Good and Evil upon which Good is based." (Pawlett 27) Sa parehong paraan, ang ating mga pananaw hinggil sa disaster, bilang pagkasira ng mga prosesong panlipunan, ay parating nakikita bilang kasalungat ng kalikasan: ang pagtatatag ng panlipunang tao bilang pangangasiwa ng mga kalabisan at pagkasira ng kalikasan sa mga gawain ng tao. Naitayo ang lipunan sa pagpapailalim ng kalikasan. Kung gayon, labis na nakatuon ang pangangasiwa ng disaster sa pagkontrol ng kalikasan. Para sa mga bagyo, ang paggawa ng mga modelo na tiyak na makahuhula ng kanilang daanan at lakas. Para sa mga lindol, ang pagbubuo ng mga regulasyon ng materyales sa pagbuo, mga dibuhong pang-arkitektura, at mga datos topograpiko. Para sa mga baha at daluyong sanhi ng bagyo, ang mga panukat ng pagtaas at pag-apaw. Subalit palagi na lamang napapatda tayo sa kakayahan ng kalikasang malito ang mga modelong dinisenyo upang ipaliwanag at hulaan ang kanilang kilos. Hindi ito nangangahulugang nararapat na tayong tumigil sa paggawa ng mga ganitong modelo, at tanggapin ang kanilang kawalan ng saysay; sa halip, na tingnan ang mga modelong ito hindi bilang mga instrumento ng pagpapailalim ng kalikasan, kundi paraan ng pag-unawa sa pagiging hindi mahuhulaan ng kalikasan. Ang tingnan ang mga modelong ito bilang mga instrumento ng kontrol ay ang makita ang kahulugan ng ating engkuwento sa kalikasan sa loob ng hating kalikasan-kultura.

Ang hindi natin samakatwid nakikita sa pag-unawa sa disaster bilang pagsira ng mga prosesong panlipunan ay nasa kaibuturan ng ating mga engkuwentro sa mga likas na kalamidad ang suliranin ng kahulugan, hindi ng kontrol. Ang pinakakalikasan ng kalikasan ay ang pagiging hindi nito mahuhulaan. Bilang isang suliranin ng kahulugan, bumabalik tayo sa mga muhong pakahulugan ng sakuna bilang isang pagkabalisang emosyonal, bilang isang kalagayang panloob. Bilang kalooban, hindi napakahuhulugan sa salungatang kategorya ng panlabas, subalit sa pagiging malikhain ng

mga kahulugan; isang kahulugang, gayumpaman, parating nasa bingit ng pagbabago subalit hindi tunay na nakararating sa isang kaganapan ng kaalaman. "In Bataille, this was the movement of the Hegelian dialectic, doubled by an 'absolute knowledge' that simultaneously completes the movement of knowledge and loses it in a 'night' resistant to all meaning" (Stoekl "The Two Sublimes" 63).

Ang henerasyong ito ng mga kaalamang dumadaloy ay nararapat matukoy mula sa napipintong katalikan na katangian ng kaayusang mitiko, ayon na rin sa paglalarawan ni Bataille, bilang naiiba ang kaayusang mitiko mula sa kasaklawan ng banal kung saan naninirahan ang panitikang oral, sapagkat nangangahulugan na kaagad ang panitikan ng pagkakaroon ng isang kaayusang panlipunan, maging animismo man ang muhon para sa sistema ng paniniwala nito. Mahalaga ang pagtukoy na ito sapagkat ang isang pagbalik sa banal ay hindi isang pagbalik sa kahulugang esensiyalista at estrukturalista ng paradigmang mitolohiko. Hindi nangangahulugan ang pagbalik sa banal ng isang pagtawag para sa pagbalik sa pagkahayop; sapagkat hindi maaaring maging posible doon ang kamalayan, sa kasaklawang iyon ng hindi malay na katalikan, sa mundong iyon ng hindi matutukoy na pagkatuluyan. Hindi man lamang natin malalaman ang sakuna doon. Subalit sa halip, tumatawag ito para sa pagkilala sa gampanin ng pagkahayop ng kalikasan, at ating pakikiengkuwentro dito, ang ating sariling pagkahayop kasama nito, bilang kinakailangan sa pagbuo ng ating suhetibidad at pagkamalay; ang pagkahayop na kinakailangang kontrahin ng tao, kinakailangang lampasan, at samakatwid kinakailangang pag-alayan ng tao ng kanyang sarili at mamatay, at kung gayon, mamatay rin sa kanyang hayop na sarili, upang mabuo ang kanyang kamalayan. Kinakailangan ito, isang "likas"' na pangyayari, upang maiwan ang kaayusang mitiko para sa pagbuo ng kamalayan (Stoekl *Bataille's Peak* 178-179).

Mahalaga ito sa pag-unawang ang pag-alis na ito, ang pagkontra sa napipintong katalikan, sapagkat dito nabuo nag tunay na mundo, bilang mundong dahay, bilang lipunang sekular, sapagkat wala na tayong iba pang lugar na matitirhan at mapagkikilanlan ng mga sarili natin: ang relasyon ng tao sa kalikasan bilang isang anyo ng mapag-alay na paggugol. Sa ganitong kalagayan napananatili ng lipunang sekular ang kakayanan para sa pagbabago, sapagkat sa kaibuturan nito ang proseso ng unang pagtanggi at paglabag, na nakapagpaparating sa ating pagnanasa para sa kahulugan, hindi tiyak subalit napipintong umiiral, na habambuhay na hindi natin maaabot, tumatapat sa nosyong Derridean ng differánce, o ang palagiang pag-antala ng kahulugan. Ang kakayanan para sa pagbabago ang pagnanasang inilalarawan ni Bataille bilang anyo ng erotisismo. "Indeed, Bataille even suggests that a definition of eroticism can be arrived at by considering it as the desire to change any

given condition: it is 'a revolt, a refusal of the proposed condition' and makes eroticism the point of instability in the nature/culture opposition" (Pawlett 22). Samakatwid, ang ipinanunukala sa pagbalik ng banal ay ang pagkilala sa posibilidad ng pagbabagong mapaglabag sa loob ng totoo, sa loob ng lipunan, sibilisasyon. Sa ibang salita, ang pagbuhay muli sa erotisismo sa tunay na mundo; sapagkat ang tao ay tunay subalit hindi nararapat mapigilan ng kanyang pagiging nilalang na panlipunan.

Ang posibilidad para sa pagbalik ng banal ay nagiging hindi tiyak sa kategorya ng suheto upang makita sa sakuna ang posibilidad ng pagbabago. Sa pamamahala ng pagnanasa, mapapawi nito ang lahat ng mga pagkabalisang pangkatawan, maging ang pagbabanta ng kamatayang pisikal, sapagkat hindi talaga nakikita ng posibilidad para sa pagbabago ang kamatayan bilang hindi na pag-iral o pagkalipol. Ang loob at labas, ang emosyonal at materyal, ay walang polo kung saan itinatayo ang loob at emosyon bilang polo ng negasyon, ng bagay na bumubulabog sa oposisyong ginawa nito sa simula pa lamang. Inilalarawan ito bilang "double negation, a force of violation," "a force of repulsion and of contagion" (Pawlett 22, 29). Bilang polo ng negasyon, ang loob at labas ang mga sityo ng pagbabago kung saan nananahan ang paglikha ng lumilipas o baha-bahaging mga kaalaman, ang tagapaglikha ng "miraculous forces" (Pawlett 22). Samakatwid, ang likas na kaugnayan ng sakuna sa mga konsepto ng pagbabago at mga puwersang rebolusyonaryo.

Dito natatagpuan ang isa pang pagkabigo sa kung paano natin nakikita ang mga likas na kalamidad bilang disaster, paanong nakatutok ang mga relief operation sa hibang na pagkakandarapa ng lipunan na mapasakaraniwan ang mga proseso nito: para maibalik ang rasyon ng kuryente, tubig, at mga payak na pangangailangang panlipunan. Bigo tayong makilalang hindi na babalik sa karaniwan ang mga bagay matapos ang isang disaster. Kinakailangang may pagtanggap, pati na rin sa nibel panlipunan, sa pagiging hindi mababaligtad ng mga epekto ng disaster. Ang umalpas sa trauma ng pagbalik sa pagkakaraniwan ay ang tingnan ang mga likas na kalamidad bilang mga pagkakataon para sa pagbabago. Paanong ang mga disaster relief operation ay nararapat na para sa pagtatatag ng pagbabago sa lipunan. Halimbawa, hindi dapat napapasama ang mga relief operation sa parehong burukratikong prosesong pinagdadaanan ng isang indibidwal bago ang pagdating ng disaster. Ang mga tangkang tulong at rehabilitasyon matapos ng disaster ay kinakailangang makapagpasinayan ng ilang pagbabago sa burukrasya para man lamang makilala ang likas na kakayanan ng sakuna para sa pagbabago. Dapat masukat ng estadistika ang pagkasira mula sa mga likas na kalamidad, hindi lamang sa halaga ng mga pagkasira sa mga ari-arian, at numero ng mga apektadong buhay, kundi maging sa bilang ng mga taon at lakas na iginugol ng mga nakaligtas hindi lamang sa pagpapanumbalik ng

kanilang mga buhay sa normal kundi sa pagpapabuti ng kanilang mga buhay nang higit pa sa kalagayan nila bago ang disaster.

Ang kaibhan ng mga “karanasang naisabuhay,” ang “karanasang panloob” ni Bataille, ay isa pang aspekto ng kalooban ng sakuna na nabibigo tayong maisalalay sa mga tangkang pagtugon sa disaster. Ang panganib ng disaster ay palaging pinamamahalaan sa isang nibel na panlipunan, at maaaring hindi ito maiiwasan. Anumang tangkang pampanlipunan ay hindi maiiwasang magkaroon ng pagbaling sa pagkakatulad. Subalit makatutugon lamang ang lipunan sa disaster bilang isang magkakatulad na entidad, at hindi makakabagay sa bawat tiyak na kaibhan ng bawat tahanan. Tulad kung paanong kakatwa ang bawat likas na kalamidad sa kilos nito, at samakatwid ang pagiging hindi nito mahuhulaan, magiging kakatwa at hindi rin mahuhulaan ang tugon ng bawat indibidwal. Dagdag pa dito, bagaman nagpaplano sa nibel panlipunan ang mga ahensiyang pampamahalaan at hindi na sangkot sa pamamahala ng mga panganib ng disaster, hindi maiiwasang nagiging iba-iba ang kanilang mismong pagsasagawa nito. Mananatili pa ring kaibhan sapagkat ginagawa pa rin ang mga estratehiyang ito ng mga indibidwal. Halimbawa, sa siyudad ng Tacloban, dahil sa kakulangan ng pagkakaunawaan sa mga aid worker, isang pamayanan ng mga tricycle driver ang tumanggap ng mga bangka, minsan hindi lamang isa kundi dalawa o tatlong bangka, na hindi nila magagamit. Samantalang nakatanggap naman ang isang kapitbahayan naman ng tatlumpu’t isang mangingisda ng pawang limang bangka na kinakailangan nilang paghati-hatian(Parreño). May hindi rin pagkakapantay sa rehabilitasyon ng mga pamayanan, ayon sa kakayanan ng pamahalaang lokal na makapagbigay ng mga profile ng munisipyo, na nagdedetalye ng pangangailangan para sa tulong at rehabilitasyon mula sa mga organisasyon (Parreño). Napansin din nina H. Takagi et al. ang isang kapansin-pansing guwang sa pagitan ng mga pangangailangan ng mga nakaligtas at sa mga ibinibigay na tulong (Parreño). Bagaman nagbago na ang mga kailangan ng mga nakaligtas mula sa mga relief goods tungo sa tulong pangkabuhayan, walang pagbabago sa mga ibinibigay na tulong. Nagtapos ang pagbibigay ng mga relief goods noong Marso 2014. Sinangguni rin ng kanilang pag-aaral ang kawalan ng isang nababagay na sistema para sa mga apektado sa labas ng mga evacuation center. Nakatuon lamang ang mga tangkang pagtulong sa mga evacuation center. Kaya ang tendensiya ng mga tao ay dagsain ang mga evacuation center na labis na mapupuno. Ang kabiguan ay nasa hindi pagkakaugnay ng mariing kaibhan ngmga karanasang naisabuhay ng mga nakaligtas, at sa kabilang banda, ang hindi maiiwasang kaibhan din ng pagsasagawa ng mga relief operation sa bahagi ng mga aid worker at volunteer.

Paano kung gayon tutugon sa likas na kalamidad bilang isang lipunan kung anumang tangkang panlipunan ay hindi maiiwasang mabigo sa harap ng magkakaibang karanasang naisabuhay? O maaari pa, paano samakatwid magiging makahulugan ang tugon panlipunan sa nibel na panlipunan, bilang bigo ang anumang pagsusuri mula sa nibel na ito ng karanasang naisabuhay? Muli, babalik tayo sa suliranin ng kahulugan, at hindi ituring ito bilang isang suliranin ng kontrol. Dito makikita nating nakapagpapaliwanag ang teorya ni Bataille sa paggugugol, sapagkat halos may ganoong salik ng sakripisyo sa engkuwentro ng tao sa mga likas na kalamidad. Binubuksan ng tao ang kanyang sarili sa likas na kalamidad, at nasa likas na kalamidad na ito na lamang na kunin ang anumang nais nitong kunin, maging mga búhay. Ang pagtalungko sa isang bagyo ay may pagkakatulad sa isang anyo ng sakripisyo, pag-aalay ng sarili para sa pagkuha ng bagyo. At walang gamit dito. Sa kaso ng bagyong Yolanda, "at least 6,200 [were] killed, 28,600 injured, and thousands more still buried in the rubble [as of 2014, a year after the typhoon landfall]. Some 550,900 houses were destroyed and 589,400 more were damaged. In all, almost 16 million people were affected in 591 towns and 57 cities in 44 of the country's 80 provinces." (Mangahas at Caronan) Ang pagkasira ng buhay at ari-arian sa isang likas na kalamidad ay ang pagtawid sa "the violence of an unconditional consumption" (Bataille 49). Nakukuha ang lahat sa sandali ng pagdaan ng isang likas na kalamidad, nang walang pagsasalalay sa katagalan o hinaharap. Kaya, kabahagi ng pagkasira ng buhay at ari-arian dahil sa likas na kalamidad ang sakripisyo sa parehong katangian bilang antitesis ng produksiyon. Bilang "antithesis of production" (Bataille 49), hindi lamang dahil literal na naaantala ang trabaho o produktibidad ng tao sa kanyang engkuwentro sa likas na kalamidad. Subalit sapagkat isang karanasang kinakailangang makaligtasan ang likas na kalamidad. Samakatwid, ang kalagayan ng kawalang kahulugan sa lipunang dahay na mababawi lamang sa pagbalik sa banal.

Ang pagnanasa kung gayon para sa pagbabago ay nararamdaman din ng lipunan sa nibel nito, hindi lamang sa nibel ng indibidwal. Sa nibel ng lipunan, dating kolektibong pinamamahalaan ang tendensiya sa paglabag ng mga institusyon ng relihiyon sa pamamagitan ng mga pista. Subalit mula noon, tulad na rin ng napansin nating pagbabago mula sakuna tungong disaster sa pagharap sa kalamidad, nakararanas ang relihiyon ng lumalalang pagsasakatulad at debitalisasyon. Kung gayon, sa lugar ng relihiyon, maaaring padaluyin, iproseso, o pamahalaanng lipunang sekular ang pangangailangang ito para sa paglabag sa pamamagitan ng mga karahasang ipinanukala ng estado, pangunahin ang paghalili ng pakikidigma sa lugar ng mga pista sa isang lipunang desakralisado. Samakatwid, napapansin ni Bataille ang tendensiya ng mga lipunang moderno na padaluyin ang marahas na paggugol sa pakikidigma at iba pang anyo ng mga karahasang panlipunan (Pawlett 39).

Sa teorisasyong ito ng pagnanasa at lipunan, ninanais magpanukala ng kasalukuyang pag-aaral na ito na maaaring ang karanasan ng likas na kalamidad ang maaaring humalili sa lugar ng pakikidigmang ipinanukala ng estado sa lipunan, sa relihiyong Bataillean na ipinanukala ni Allan Stoekl.[7] Sa huli, marahil ito ang huling mapaghimalang kaloob ng mga disastrong kalamidad ng kalikasan. Maaari silang magsilbing kahalili ng pakikidigma sa pagtugon sa ating kolektibong pangangailangan para sa paglabag. Ang sakripisyong ito upang tuparin ang pangangailangan para sa isang pagbalik sa banal. Kaya, kung sa mga lipunang premoderno, ang engkuwentro sa mga diyos ang nagbukas sa kalupaan sa mga posibilidad para sa paninirahan, sa lipunang moderno, ang unang sakripisyo ang magbubukas sa sangkatauhan sa kahinaan ng tao sa likas na kalamidad, bilang disaster. Ang unang kahinaang ito ang orihinal na sakripisyo. Pawang mga tangka ang lahat ng ito upang malunan ang ating karanasan ng disaster sa isang ekorelihiyong Bataillean na kinakailangan ng higit pang pagsusuri. Subalit makakagawa na tayo ng payak na balangkas para sa posibilidad na ito na maaaring kapaki-pakinabang sa kasalukuyang pangangailangan ng pag-aaral na ito upang makapaglatag ng isang pagbabalik ng banal sa konseptuwalisasyon natin ng disaster.

Una, ang pagharap sa likas na kalamidad ay ang pakitunguhan kung paano tayo naging mga obheto sa tunay na mundo. Sa pagturing sa atin bilang mga alay, ibinabalik tayo ng likas na kalamidad sa mundo ng walang-hanggang mga posibilidad at pagbabago, napapalayang muli mula sa mundo ng gamit, o mula sa mundo ng mga prosesong panlipunan. Ibinabalik tayo ng karanasan ng likas na kalamidad mula sa "world of utility and restores us to that of unintelligible caprice." Sa harap ng kalamidad, nagiging malay ang tao kung paanong isa siyang obheto, sa parehong nibel ng kanyang bahay, pamilya, kabuhayan, puno, sasakyan. Sa pagkasirang bunsod ng kalamidad, napapalaya ang tao mula sa mundong ito ng gamit at kaayusan ng mga bagay (Bataille 30-31). Ang karahasan kung gayon mula sa pagkasira ay nakalunan sa loob, paloob, tulad kung paano pinamahalaan ng relihiyon noon itong marahas na paglabag. Hindi palabas tulad ng digmaan. Sa digmaan, hindi nakikilala kailanman ng tao ang kanyang sarili bilang obheto, at sa katunayan ginagawa niyang mga obheto ang kanyang mga katulad na tao sa kilos ng pakikidigma. "War is a disorderly eruption whose external direction robs the warrior of the intimacy he attains" (Bataille 58).

[7]Hiram ang salita mula kay Allan Stoekl sa kanyang panukala para sa isang ekorelihiyon upang mailunan ang mga suliranin ng ekolohiya at pagpapanatili sa kontekstong relihiyoso, sa pamamagitan ng *Summa Atheologica* ni Georges Bataille. Tingnan ang ikatlong kabanata kay Stoekl *Bataille's Peak*.

Ikalawa, ang pagtingin sa likas na kalamidad bilang sakripisyo ay nangangailangan ding maging hindi sandali ng kawalan ng pag-asa ang pagkatapos ng likas na kalamidad, subalit isang sandali ng pag-asa tulad sa isang pista. Maaaring maging isang pagkakataon ang likas na kalamidad para sa pagtuklas, sa paraang ang espasyo ng kalamidad ay nagiging espasyo ng pagtulong para sa mga biktima ng Tacloban at mauunawaan natin ito bilang sandali ng kasiyahan at pagbabahagi, isang bukal sa gitna ng kawalan ng pag-asa, pagdurusa, at kamatayan. Bagaman P167.9 bilyon ang kinailangan para sa rehabilitasyon hanggang 2016, walang naging kahirapan sa pagpundar ng salaping ito, sapagkat bumuhos ang mga donasyon at tulong mula sa mga pribadong indibidwal, charity group, foundation ng mga lokal na konglomerate, at mga bansang donor, pinadaan sa loob at labas ng sistema ng United Nations, kasa ang 120 operational relief agency, mga internasyonal na sangay ng Red Cross at Red Crescent Movement, International Organization for Migration (IOM) at iba pang internasyonal na NGO(Parreño). ang tanging suliranin ay ang maling pagkilala sa sandaling ito bilang kailangang isaburukrasyang muli. Sa huli, maraming nasayang, napapansin sa "duplication and mismatched interventions" ng mga organisasyong humanitaryo, halimbawa. Subalit maituturing lamang itong kaaksayahan mula sa pnanaw ng nasa labas ng pista. Kinakailangan ng pista ang pag-aaksaya. Ang punto ay sagarin ang potensiyal na bisa ng pag-aaksayang ito upang makalikha ng mga transgresibong pagbabago sa lipunan. Samakatwid, ang pangangailangan para sa kakayahang umangkop ng anumang alituntuning bubuuin sa pagharap sa pamamahala ng mga panganib ng disaster sa hinaharap. Kinakailangang likas sa anumang batayang alintuntunin ang pagkilalang kinakailangang humarap ang anumang tangka sa pagsasabatayan sa mga sorpresa. Higit pa sa mga kaabalahang pragmatikong ito, maaaring sa ganitong paraan natin, bilang isang lipunan, mahahanap ang kahulugan sa karanasan ng mga likas na kalamidad sa isang mabilis na nagsasadahay na mundo, na nagnanasa sa pagbalik ng banal.

## Kongklusyon

Bilang pagwawakas, ilang punto ang maaaring ilatag kung paano mapapabuti ang pamamahala ng panganib ng disaster higit pa sa mga balangkas ng fatalismo upang ipaliwanag ang sosyo-kultural na penomena ng sapilitang paglikas. Una, kinakailangang isama ng pamamahala ng panganib ng disaster ang suliranin ng kahulugan at hindi lamang ng mortalidad at kamatayan sa balangkas nito. Sa ganitong paraan, naitataya ang kaabalahan sa hangganan

at paraan ng pakikilahok sa mga tiyak na sektor ng lipunan, halimbawa ng simbahan at media, sa pag-iwas at pagpapahupa ng disaster, at mga relief at recovery operation. Isa sa mga dahilan sa likod ng kawalan ng pagkakaunawaan sa pagitan ng mga ahensiyang tumutulong at lokal na pamahaalan ay ang kawalan ng malinaw at kompletong talaan ng mga pamilya sa isang pamayanan. Maaaring magtulungan ang lokal na pamahalaan at simbahan sa pagharap sa trauma ng disaster, at hindi dapat mahadlangan ng kanilang burukratikong konstitusyunal na pagkakahiwalay. Sa bahagi ng media, hindi dapat matapos ang pagbabalita sa mga estadistika ng pagkasira at pagkawala ng mga buhay-tao. Hindi rin dapat ito matapos sa isang komplimentaryong pagbabalita ng mga nakaiiyak na salaysay ng pagtatagpong muli at mga kuwento ng tagumpay ng mga relief operation. Kinakailangang magkaroon din ng isang pagtataya para sa pagsunod sa kung paanong nakakabangon ang buong kapitbahayan nang pangmatagalan upang mapabuti ang kanilang mga buhay. Makapagbibigay ito ng mas malaking salaysay ng pagbabagong lipunan na sinanhi ng likas na kalamidad. Sa ganitong paraan hindi makikita ang mga likas na kalamidad bilang tagapagdala ng kamatayan at pagkasira, kundi mga pagkakataon para sa pagbabago at pagpapapabuti. Ang edukasyon hinggil sa panganib ng disaster ay kinakailangan ding pag-isipan muli ang kanilang pagpapakahulugan sa relasyon ng tao sa kalikasan, hindi sa isang mapagtunggaling paraan, o sa isang mapang-uyam na paraan ng magalang na pamamahala, kundi bilang mapag-alay na paggugol.

Ikalawa, kinakailangang higit na pagtuonan ng pamamahala ng panganib ng disaster ang mga prosesong panlipunan, subalit hindi sa epekto nito sa tao. Nangangahulugan itong alam ng mga tao kung paano kaharapin ang disaster ayon sa kanilang emosyon. May kakayanan ang mga tao, sa antas man ng wika upang kaharapin ang mga epekto ng kalikasan; subalit hindi handa ang mga prosesong panlipunan sa mga ganitong pag-antala. Ito ang huwad na pangakong ibinibigay sa kanila ng mga prosesong panlipunan. Dito matatagpuan ang sorpresa. At hindi ito matitiyak. Sa araling pang-trauma, ang dapat pagtuonan ay hindi ang tindi ng sanhi ng disaster subalit kung paano sila binigo ng mga prosesong panlipunan. Paanong sumuko na lamang sa kanila ang bahay? Paanong gumuho na lamang sa kanila ang bundok? Ito dapat ang tuon ng trauma. Hindi pamamahala sa mga puwersang pangkalikasan ang trauma, subalit higit pang pamamahala sa kabiguan ng mga prosesong panlipunan. Pamamahala sa mga inaasahan sa bahagi ng mga biktima.

Ikatlo, kinakailangang isama ng pamamahala ng panganib ng disaster ang mga nosyon ng pagbabago sa kanilang mga pagpaplanong estratehiko. Ang nilalayong makamit sa mga plano ng pagbangon ay hindi ang kalagayan bago ang disaster. Sa pinakapayak, ang halos kalagayan ng kapitbahayan kung hindi

nangyari ang likas na kalamidad. Muli, hindi ito tungkol sa pagpapanumbalik ng mga prosesong panlipunan sa kung ano sila dati. Sa pinakapayak, ang pagbutihin ang mga buhay ng nakaligtas bilang hindi na mababalik ang mga nawala na nilang gamit mula sa karanasan ng disaster. Hindi sila makakalimot, subalit maaari nilang pagbutihin ang alaala ng disaster.

Ikaapat, kinakailangang kumilos ang pamamahala ng panganib ng disaster tungo sa pagpapalago ng mga kaibhan sa mga estratehikong plano para sa pag-iwas at pagpapahupa ng disaster, at relief at recovery operation. Higit na mahalaga ito ngayong nakita na natin ang mga pagkabigo sa karanasan ng Tacloban. Ang mga kabiguang ito ay hindi dahil sa kakulangan ng mga patakaran at alituntunin na maaaring pare-parehong maisasagawa sa buong kapuluan, sa anumang likas na kalamidad na makahaharap natin. Kinakailangan nating kilalanin na ang mga pagkabigong ito ay dahil hindi pa magkakaiba ang mga estratehiya upang magsilbi sa mga pangangailangan ng mga nakaligtas sa nibel ng pamilya, o maging sa ideal na nibel ng indibidwal. Ang kakayanang mabali ang susi, at ang kabukasan sa pagbabago. Kinakailangang kumilos ng pamamahala ng panganib ng disaster tungo sa mga kaibhan ng mga patakaran nito.

Ikalima, hindi dapat kawalan ng pag-asa at pagkabigo ang pananaw sa pamamahala ng panganib ng disaster, sa kabigatan ng masalimuot na pagsasakaraniwan ng mga prosesong panlipunan. Higit na pragmatiko ang unang apat na punto kung ihahambing dito sa ikalima na higit na tumatalakay sa mga damdamin. Sa teoretikong antas, hinggil ang ikalimang puntong ito sa pagbabalik ng pistang Bataillean sa pamamahala ng panganib ng disaster. Hindi dapat ito ituring nang literal, bilang pagturing sa disaster bilang isang literal na pista, lalo na kung kinakaharap natin dito ang trauma ng pagkasira at pagkamatay. Ang pragmatikong aplikasyon ay ang kabukasan sa pagtuklas ng mga panibagong proseso, relasyon, at kaugnayang bunga ng karanasan ng likas na kalamidad. Halimbawa, ang pagkakatatag ng Project Noah na nakalikha ng mga koneksiyon sa Pasipiko. Ang kaugnayang ito ay hindi pa nagagawa noon at tumungo ang mga kasaling grupo sa mga isyung higit pa sa nasyonalidad, etnisidad, lahi, at iba pang mapanariling mga hangganang panlipunan. Ito ang pistang Bataillean na naidagdag sa pamamahala ng panganib ng disaster. May pag-asa matapos ang nakakatakot na engkuwentro ng literal na pagtingin sa mata ng bagyong Yolanda. Sa engkuwentrong ito sa kahayupan ng kalikasan, nabago natin ang ating mga sarili bilang mga nakaligtas at nawa para sa ikabubuti nito.

*Isinalin ni Christian Jil R. Benitez.*

## Mga Sanggunian


Abad, Antonio M. *La Vida Secreta de Daniel Espeña.* Phoenix Press, 1960.

Alejo, Albert E. *Tao Po! Tuloy!: Isang Landas sa Pag-unawa sa Loob ng Tao.* Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1990.

Arceo, Liwayway A. *Canal de la Reina: Isang Nobela.* Reprint ed. Ateneo de Manila University Press, 2014.

Bataille, Georges. *Theory of Religion.* Salin ni Robert Hurley. Zone Books, 1998.

Bergaño, F. Diego. *Kapampangan-Spanish Dictionary.* Salin ni Venancio Q. Samson. Holy Angel University Press, 2007 [unang limbag 1732].

de la Cruz, Roman A. *Five-Language Dictionary (Panay Island): (English, Tagalog, Hiligaynon, Kinaray-a, and Aklanon.* Rock Publishing, 2004.

Eugenio, Damiana, ed.. *Philippine Folk Literature Series II: The Myths.* University of the Philippines Press, 2011.

Felman, Shoshana. "Education and Crisis, or the Vicissitudes of Teaching." *Trauma: Explorations in Memory*, pat. at introduksiyon ni Cathy Caruth. The John Hopkins University Press, 1995, pp. 13-60.

Griño, Eliza Yap Uy-. *Diksiyonaryo Hiligaynon-English: Dictionary English-Hiligaynon.* Central Philippine University, 2005.

Lukács, György. *The Theory of the Novel: A Historico-Philosophical Essay on the Forms of Great Epic Literature.* Salin ni Anna Bostock. MIT Press, 1971.

Mallaro, Joel Pabustan. *Talabaldugan: English-Kapampangan Glossary.* Center of Kapampangan Studies, 2011.

Mangahas, Malou, and Rowena F. Caronan. "The Government and Yolanda: A lot of money, impact too little too late," *GMA News Onlines*, 16 January 2015, https://www.gmanetwork.com/news/news/specialreports/406056/the-government-and-yolanda-a-lot-of-money-impact-too-little-too-late/story/.

Mendoza, Rene. "Religion and Secularization in the Philippines and Other Asian Countries." *Asian Studies*, vol. 22-24, 1984-1986, pp. 52-57.

Mojares, Resil. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940.* University of the Philippines Press, 1998.

Panganiban, Jose Villa-. *Diksiyonaryo-Tesauro Pilipino-Ingles.* Manlapaz Publishing, 1972.

Parreño, Earl G. "The Money Trail of Disaster Aid, Yolanda: The Disaster That Lingers Still," *GMA News Online*, 14 January 2016, https://www.gmanetwork.com/news/news/specialreports/403417/the-money-trail-of-disaster-aid-yolanda-the-disaster-that-lingers-still/story/.

Pawlett, William. *Georges Bataille: The Sacred and Society.* Routledge, 2016.

Santos, Bienvenido N. *The Volcano*. Reprint ed. New Day Publishers, 2011.

Santos, Vito C. *Vicassan's Pilipino-English Dictionary.* National Book Store, 1978.

Smith, Paul. "Bataille's Erotic Writings and the Return of the Subject." *On Bataille: Critical Essays.* Pat., salin, at introduksiyon ni Leslie Ann Boldt-Irons. State University of New York Press, 1995, pp. 233-236.

Stoekl, Allan. *Bataille's Peak: Energy, Religion, and Postsustainability.* University of Minnesota Press, 2007.

________. "Two Sublimes, Fourth Time Around: Response to Roger Rothman." *Modernism and Theory: A Critical Debate*, pat. Stephen Ross. Routledge, 2009, pp. 60-64.

Takagi, H. et al. "Track Analysis, Simulation and Field Survey of the 2013 Typhoon Haiyan Storm Surge." *Journal of Flood Risk Management*, vol. 10, no. 1, 2015.